

ANG
SANTO EVANGELIO,

SA MACATUID BAGA, I, ANG MABUTING BALITA

NANG

ATING PANGINOONG JESUCRISTO,

AYON CAY

SAN JUAN.

HINANGO

SA UICANG CASTILA AT

ISINATAGALOG NANG BOONG INĠAT.

SOCIEDAD BÍBLICA BRITÁNICA
Y EXTRANJERA

CALLE ANLOAGUE, 69 BINONDO

MADRID

CALLE DE LEGANITOS, NÚM. 4.

LONDON | HONG KONG
146, QUEEN VICTORIA ST. | 6. D'AGUILAR STREET.

1900.

THE GOSPEL OF SAINT JOHN
IN TAGÁLOG

ANG SANTO EVANGELIO

NANG

DATING PANGINOONG JESUCRISTO

AYON CAY

SAN JUAN

UNANG CAPITULO

Ang pagca Dios ng Verbo. Ang caniyang pagcacatauang táuo. Pagpapatotoo ni Juan Bautista. Hilig ng mga unang alagad.

1 Nang una'y siya'y Verbo na, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.

2 Ito sa pagpapasimulâ ay sumasa Dios.

3 Ang lahat nang mangâ bagay ay guinauâ niya; at alin man sa lahat ng mangâ guinauâ ay hindi guinauâ nang hindi siya'y cainalam.

4 Sa caniya naroroon ang buhay, at ang buhay ay siyang ilao nang mangâ táuo

5 At lumiliuanag ang ilao sa mangâ cadiliman; datapua't hindi napag-unauâ ang ilao nang cadiliman.

6 Nagcaroon nang isang

táuo na sinugò nang Dios, at pinangangalanang Juan.

7 Ito'y naparitong sacsi upang patotohanan ang ilao, at nang dahil sa caniya'y sumampalataya ang lahat.

8 Hindi siya ang ilao; cung di upang magpatotoo sa ilao.

9 *Ang Verbong yaon* ay siyang tunay na ilao, na lumiliuanag sa lahat ng táuo na pumaparito sa sang-libutan.

10 Siya'y sumasa sang-libutan at ang sang-libuta'y guinauâ niya, at hindi siya naquilala ng sang-libutan.

11 Naparito sa dating caniya, at hindi siya tinangap ng mga sariling caniya.

12 Datapua't ang lahat nang sa caniya'y nangagsitangap

ay pinagcalooban niya nang capangyarihang maguing mangang anac ng Dios, ang mga sumasampalataya sa caniyang pangalan.

13 Na sila'y hindi ipinangnanac sa dugô, o sa calooban, cayà nang lamán, sa sa calooban cayà nang lalaki, cun di sa Dios.

14 At nagcatauang táuo ang Verbong yaon, at nagnaisalamuhá sa atin, (at nagnaita nating ang caniyang calualhatian, calualhatian ucol sa bugtong na anac nang Amá) puspos nang gracia at nang catotohanan.

15 Pinatotohanan siya ni Juan, at sumigao at sinábi: Ito ngâ yaong aquing sinásabi: Ang pumaparitong sumusunod sa aquin, ay siya ngâ ang una sa aquin; sa pagca't siya'y pang-ulo sa aquin.

16 At sa caniyang capuspusan ay tumanggap tayong lahát, at gracia sa catumbas nang gracia.

17 Sa pagca't ibinigay ni Moisés ang cautusan; datapua't ang gracia at ang catotohanan ay si Jesucristo ang may gauâ

18 Sinoma'y ualang nacaquita cailan man sa Dios: Ang bugtong na Anac, na nasa candungan ng Amá, ito ang sa caniya'y nagpaquilala sa atin

19 At ito ang pagpapatotoo ni Juan, nang utusan

nang mangá judio mag mulá sa Jerusalem ang mga sacerdote at mangá Levita, na sa caniya'y canilang itanong, ¿Sino bagá icao?

20 At ipinahayag, at hindi tumangui; datapua't isinaysay: Hindi ngâ acó ang Cristo.

21 At sa caniya'y canilang itinanong: ¿At ano bagá? ¿Icao bagá'y si Elias? Sinábi: Hindi aco. ¿Icao bagá ang Profeta? At sumagot: Hindi.

22 Sinábi ngâ nilá sa caniyá: ¿Sino ca bagá? upang ibigay namín ang casagutan sa mga sa ami'y nag utos. ¿Anó ang sinásabi mo saiyong sarili?

23 Sinábi: Aco ngâ ang tinig nang huminiyao sailang: Tuntunin ninyo ang daan nang Panginoon, gaya nang sinábi nang profeta Isaiás.

24 Ang mangá inutusan ay pauang campon ng mga Fariseo:

25 At sa caniya'y canilang itinanong, at sa caniya'y canilang sinábi: ¿Cung gayon ay baquit ca nagbinyag cung hindi icao ang Cristo, at hindi naman si Elías, at hindi naman ang Profeta?

26 At sila'y sinagot ni Juan at sinábi: Aco'y bumibinyag nang tubig, datapua't sumasaguitna ninyo ang hindi ninyo naquiquilala.

27 Ito ang paparito sa aquing hulihan, na ito'y na-

ngunguna sa aquin: at hindi aco carapatdapat na magcalag man lamang nang panali nang caniyang zapatos.

28 Nangyari ang mga bagay na ito sa Betabara, sa cabilang ibayo nang Jordán, na pinagbibinyagan ni Juan.

29 Nang quinabucasan ay naquita ni Juan si Jesús na lumalapit sa caniya, at sinabi: Narito ang Cordero nang Dios, na nag-aalis nang casalanan nang sang-libutan.

30 Itong yaong aquing sinabi: Sa licurang co'y sumunod ang isang lalaqui, na ito'y pangulo cay sa aquin; sa pagca't siya ang una cay sa aquin.

31 At hindi co siya naquiquilala, datapua't upang siya'y mahayag sa Israel, caya nga naparito aco at nagbibinyag nang tubig.

32 At nagbigay patotoo si Juan, at sinabi: Naquita co ang Espiritu na bumababang galing sa langit na anyong calapati, at dumapo sa ibabao niya.

33 At siya'y hindi co naquiquilala; datapua'tang nagutos sa aquin na aco'y magbinyag nang tubig, iyan ang nagsabi sa aquin: Ang maquita mong panaugan nang Espiritu, at dumapo sa caniya, iyan ang nagbibinyag nang Espiritu Santo.

34 At siya'y aquing naquita, at aquing pinatotohanang ito ang Anac nang Dios.

35 At nang quinabucasan ay naroroon uli si Juan, at ang dalaua sa caniyang mga alagad.

36 At nang maquita si Jesús na naglalacad doon, ay sinabi: Narito ang Cordero nang Dios.

37 At narinig siya nang dalauang alagad nang pagsasalita, at sila'y sumunod cay Jesús.

38 At lumigon si Jesús, at nang maquita silang siya'y sinusundan, nagsabi sa canila: Anó ang inyong hinahanap? At sinabi nila: Rabi, (na cung sasaysayin ang cahuluga'y Maestro,) Saan ca tumitira?

39 Sinabi niya sa canila: Magsiparito cayó, at inyong masdan. Nangagsiparoón at canilang naquita cung saan tumitira, at tumira sa caniya sa arao na yaon: sa pagca't may manga alas diez na ang oras.

40 Siya'y si Andrés, capatid ni Simón Pedro, isa sa dalauang nacaringig cay Juan, at sa caniya'y nangagsisunod,

41 Nasumpung muna nito ang caniyang capatid na si Simón, at sa caniya'y sinabi: Nasumpungan namin ang Mesías, (na cung tutuirin, ay ang Cristo.)

42 At siya'y dinalá cay Jesús. At siya'y tinitigan ni Jesús, at nagsabi: Icao ay si Simón, anác ni Jonás; tauaguing cang si (Cefás nang cahulugan ay Pedro (*)).

43 Inibig ni Jesús quina-bucasan na pumaroon sa Galiléa; at nasumpungán si Felipe at sa caniya'y sinabi: Sumunod ca sa aquin.

44 At si Felipe ay tagá Betsaida, ang ciudad ni Andrés at ni Pedro.

45 At nasumpungán ni Felipe si Natanael, at sinabi sa caniya: Nasumpungán namin yaong isinulat ni Moisés sa cautusan, at *gayon din* ang mangá Profeta: si Jesús, na anác ni José, na tagá Nazaret.

46 At sinabi sa caniya ni Natanael: Magcacaroon bagá nang ano mang magaling na mulá sa Nazaret? Sinabi sa caniya ni Felipe: Pumarito ca at masdan mo.

47 Naquita ni Jesús na lumalapit sa caniya si Natanael, at sinabi tungcol sa caniya: Narito ang tunay

na Israelita, na sa caniya'y ualang dayâ.

48 Sinabi sa caniya ni Natanael: Saan mo aco naquilala? Sumagot sa caniya si Jesús, at sa caniya'y sinabi: Bago ca tinauag ni Felipe, nang icao ay sumisilong sa higuera, ay quita'y naquita.

49 Sumagot si Natanael, at sa caniya'y sinabi. Rabí, icao ngâ ang Anác nang Dios; icao ngâ ang Hari nang Israel.

50 Sumagot si Jesús at sa caniya'y sinabi: Dahil bagá sa sinabi co sa inyo: cata'y naquita sa ilalim nang higuera, ay sumasampalataya ca? Macacaquita ca nang mangá bagay na lalong malalaqui cay sa rito.

51 At sa caniya'y sinabi: Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyo: Maquiquita ninyong bucás ang langit, at ang mga Angel nang Dios na pumapanhic at nananaog sa tapát nang ulo nang Anác nang táuo.

(*) Pedro, ang ibig sabihin ay bató.

ICALAUANG CAPITULO

Ang mangá boda sa Caná, na doo'y pinapaguing alac ni Jesús ang tubig Pinalayas sa palò ang mangá nangangalac sa templo. Ibinabalitá ang caniyang pagcabuhay na mag-ulá. Gumauá nang ilnág mangá himalá.

1 At guinauà nang icat long arao ang isáng boda sa Caná ng Galiléa; at naroroon doón ang iná ni Jesús.

2 At tinauag din naman si Jesús at ang caniyang mga alagad sa boda.

3 At sa pagca't nagculang nang alac, ang iná ni Jesús ay sa caniya'y sinábi: Ualà silang alac.

4 At sinábi sa caniya ni Jesús: ¿Anó ang ipaquiquí-alam co sa iyo, babaye? hindi pa dumarating ang aqing oras.

5 Sinábi nang caniyang iná sa mangá naglilincod: Gauin ninyo ang lahat nang sa inyo'y caniyang sabihin.

6 At doo'y naroroon ang anim na maliliit na tapayang bató na lalagyan nang tubig, alinsunod sa paglilinis nang mangá Judío, na nagcacasiya sa baua't isá ang dalaua ó tatlong bangà.

7 Sinábi sa canilá ni Jesús:

Punún ninyo nang tubig ang mangá tapayang maliliit na itó. At caniláng pinunò hangang sa itaas.

8 At sa canila'y sinábi: Cunin ninyo ngayon at inyong iharap sa maestresala. At canilang ini harap sa caniya.

9 At nang maticman nang maestresala ang tubig na guinauang alac, na hindi nalalaman niya cung saan buhat, (datapua't nalalaman nang mangá naglilincod, na nangagsicuha nang tubig,) tinauag nang maestresala ang esposo,

10 At sa caniya'y sinábi: Alin mang táuo ang unang inilalagay ay ang mabuting alac; at cung nangabubusog na, saca inilalagay ang masamá; nguni't icao ay itinagò mo ang mabuting alac hangang ngayon.

11 Ito ang pasimulá nang mangá tandà na guinauà ni Jesús sa Caná nang Galiléa, at ipinahayag ang caniyang caloualhatian; at sa caniya'y sumampalataya ang caniyang mangá alagad.

12 Nang matapos itó ay lumusong sa Capernaum, siya, at ang caniyang iná, at mga capatid, at mga alagad, at

hindì natirá roóng mahabang arao.

13 At malapit na ang Pascua nang mangá Judío; at nanhic si Jesús sa Jerusalelem.

14 At nasumpóngan sa templo ang mğa nagbibili nang mangá bacang capon at mğa tupa, at mangá calapati, at ang mangá nagpapalit na pauang nangacaupô.

15 At guinauang parang isáng pamalô ang mğa lubid, at sila'y pinalayas na lahát sa templo, at ang mangá tupa, at ang mangá bacang capon, at isinabog sa lúpà ang salapi nang mangá nagpapalit, at guinulô ang mğa dulang.

16 At sa mangá nagbibili nang mğa calapati, ay sinabi. Alisin ninyo rito itó; at huag ninyong gauin ang bahay nang aquing Amá na bahay nang pamilihan.

17 At napag-ala-ala nang caniyang mangá alagad na nasusulat: Ang pagmamalasaquit nang iyong bahay ay quinain acó.

18 At sumagot ang mangá Judío, at sa caniya'y sinabi: ¿Anong tandáng ipinaquiquilala mo sa amin upang gauin mo ang mangá bagay na itó?

19 Sumagot si Jesús, at sa canila'y sinabi: Iguiba ninyo ang templong itó, at aqning muling itatayô sa tatlong arao.

20 Pagdaca'y sinabi nang mangá Judío: Tumagal nang apat na puot anim na taon ang pag-gaua sa templong itó, ¿at gagauin mo sa tatlong arao?

21 Datapua't ang sinásabi niya'y ang templo ng catauan.

22 Caya ngà nang mabuhay siyang mag-ulí sa mğa patay, naala-ala nang caniyang mangá alagad na sinabi niya itó; at sumampalataya sa Casulatan, at sa sinabi ni Jesús sa caniyang pangaral.

23 At nang siya'y sumasa Jerusalem, sa Pascua, sa carauan nang fiesta, marami ang sumampalataya sa caniyang pangalan, sa pagcaquita nang mangá tandáng caniyang guinagaua.

24 Datapua't si Jesús ay hindì rin naniniualâ sa canila, sa pagca't naquiquilala niya silang lahát:

25 At dí niya quinacailangan na sino man ay magpatotoo sa caniya nang tungcol sa táuo, sa pagca't naquiquilala niya ang nauucol sa táuo.

ICATLONG CAPÍTULO

Itinurò ni Jesús cay Nicodemo ang ucol sa pangangailangan ng pagbabagong buhay. Ipinali-uanag ni Juan Bautista sa caniyang mangá alagad ang canilang maling pagbabalac tungcol sa caniyang pagbibinyag at tungcol sa paglibinyag cay Jesús at sa catauohan nito. Sinaysay na si Jesucristo ay siyang esposo, at siya ay catoto.

1 At may isáng lalaqui sa mangá Fariseo na nagnāngalang Nicodemo, príncipe nang mangá Judío.

2 Ito'y naparoon cay Jesús sa gabí, at sa caniya'y sinabi: Rabi, nalalaman naming icao isáng maestro na nagbuhat sa Dios; sa pagca't sino man ay hindi macagágauà nang mangá tandà na iyong guinágauà, cung hindi sumasacaniya ang Dios.

3 Sumagot si Jesús at sa caniya'y sinabi: Ang catotohanan, ang catotohana'y sinasabi co sa iyo, na hindi maquiquita ang caharian ng Dios cung di ipangánac ulí.

4 Sinabi sa caniya ni Nicodemo: ¿Paano ang pangangánac sa táuo cung siya'y matandà na? ¿Ma-aari bagang pumasoc ulí sa tiyan nang caniyang iná, at saca ipangánac?

5 Sumagot si Jesús: Ang catotohanan, ang catotohana'y sinasabi co sa iyo, na ang hindi ipangánac nang tubig at nang Espíritu, ay hindi macapapasoc sa caharian nang Dios.

6 Ang ipinangánac na galing sa laman, ay laman ngà; at ang ipinangánac na galing sa Espíritu, ay espíritu ngà.

7 Huag ca ngang magtaca sa aquing sinabi sa iyo: Quinacailangang cayo'y ipangánac ulí.

8 Humihihip ang hangin cun saan ibig, at naririnig mo ang caniyang tunóg, nguni't hindi mo nalalaman cung saan nangagaling, at cung saan paroroon: gayon ngà ang baua't ipinangánac na galing sa Espíritu.

9 Sumagot si Nicodemo, at sa caniya'y sinabi: ¿Paano ang pagcagauà nito?

10 Sumagot si Jesús, at sa caniya'y sinabi: ¿Icao ay maestro sa Israel ay hindi mo nalalaman itó?

11 Ang catotohanan, ang catotohana'y sinasabi co sa iyo, na ang nalalaman namin ay sinasabi namin, at ang aming naquita ay pinatòtotohanan namin; at hindi

ninyo tinatangap ang aming pagpapatotoo

12 Cung sinabi co sa inyo ang mang'a bagay na nauucol sa lupa ay hindi ninyo aco pinaniualaan; ipanong paniniualaan ninyo aco cung sabihin co sa inyo ang mang'a nauucol sa calangitan?

13 At sino ma'y hindi umaqui at sa langit cung hindi ang nanaog sa langit, ang Anac nang Tauo na na sa langit.

14 At cung paano ang pagtataas ni Moises sa ilang nang serpiente, ay gayon din ang pangangailangang itaas ang Anac ng Tauo:

15 Upang ang lahat na sa caniya'y sumampalataya, ay huag mapacasama, cung hindi magtamó nang buhay na ualang hangan.

16 Sa pagca't sa lubhang malaquing pagsinta nang Dios sa mundo, ay ibinigay ang caniyang bugtong na Anac, upang ang lahat ng sa caniya'y sumampalataya ay huag mapacasama, cung di magcaroon nang buhay na ualang hangan.

17 Sa pagca't hindi ipinalalagay nang Dios ang caniyang Anac upang parusahan ang mundo, cung di nang macaligtas ang mundo dahil sa caniya.

18 Ang sumasampalataya

sa caniya ay hindi maparusahan; datapua't ang hindi sumasampalataya ay pinarurusahan na; sa pagca't hindi sumasampalataya sa pangalan nang Bugtong na Anac nang Dios

19 At itó ang *cadahilanan nang caniyang* pagcápacasama sapagca't naparito ang ilao sa sang-libutan ay inibig pa ng mga tauo ang cadiliman cay sa ilao; sa pagca't masasama ang canilang mga gaua.

20 Sa pagca't ang lahat ng gumagaua nang masama ay quinamumuhian ang ilao, at hindi lumalapit sa ilao, at nang hindi sila masisi sa canilang mang'a gaua.

21 Datapua't ang gumagaua nang catotohanan ay lumalapit sa ilao, upang mahayag na ang canilang mga gaua ay guinaua alinsunod sa Dios.

22 Nang mangyari ito ay naparoon si Jesús sampuo ng caniyang mang'a alagad sa lupa nang Judéa; at diyan siya tumira na casama nila, at nagbibinyag.

23 At nagbibinyag din naman si Juan sa Enón, malapit sa Salim, sa pagca't doo'y maraming tubig: at nagsisiparoon at sila'y bini-binyagan.

24 Sa pagca't hindi pa inalagay sa bilangguan si Juan,

25 At nagcaroon ng pagcacaalit ang mangá alagad ni Juan at nang mga Judío tungcol sa Purificación ó paglilinis.

26 At sila'y naparoon cay Juan, at sa caniya'y canilang sinabi: Rabi, yaong casama mo sa cabiláng ibayo nang Jordan, na binigyan mong pagpapatotoo ay talastasin mong nagbibinyag, at ang lahát ay naparoroon sa caniya.

27 Sumagot si Juan at sinabi: Hindi macatatanggap nang ano man ang tauo, cung hindi ipinagcaloob sa caniya ng langit.

28 Cayó man ay mga sacsi corin na aquing sinabi: Aco'y hindi ang Cristo, cung di aco'y pinaunang sugo niya.

29 Ang nagtatangquilic sa esposa ay siyang esposo; datapoua't ang catoto nang esposo, na nacatindig at siya'y pinaquiquingan, ay nagtatamo nang malaquing caligayahah sa pag dingig ng tinig ng esposo: caya nga lubós ang aquing ligaya.

30 Nauocol na siya ang lumaquí, at acó ang lumiit.

31 Ang nangagaling sa itaas ay sumasaibabao nang lahát; ang galing sa lupa, ay sa lupa nga, at mangá bagay na ucol sa lupa ang sinásabi: ang nangagaling sa langit ay sumasaibabao nga nang lahát.

32 At ang nacaquita at nacingig ay itó ang pinatoto tohanan, at sino man ay hindi tumatangap nang caniyang pagpapatotoo.

33 Ang tumatangap ng caniyang pagpapatotoo, ay sumasacsi na ang Dios ay totoo.

34 Sa pagca't ang sinugó nang Dios ay sinásabi ang mangá uicá nang Dios, sa pagca't ibinibigay nang Dios sa caniya ang Espíritu na hindi tinataningan.

35 Sinisinta nang Amá ang Anác, at inilagay sa caniyang camay ang lahát nang mangá bagay.

36 Ang sumasampalataya sa Anác ay may buhay na ualang catapusan; ngunit, ang hindi sumasampalataya sa Anác, ay hindi maquiquita ang buhay, cung hindi ang galit nang Dios ay sumasaibabao niya.

ICAAPAT NA CAPITULO

Pagbabalik loob ng Samaritana at ng maraming mangá Samaritano. Mangá pangaral na dahil dito'y ibinigay nang Panginoon sa caniyang mangá alagad. Pinagaling sa pamamaguitan nang himala ang anác na lalaqui nang isang guinoo.

1 Ano pa't palibhasa'y nanaua ni Jesús, na naringig nang mangá Fariseo na si Jesús ay gumagauá at nagbibinyag nang lalong maraming mangá alagad cay sa cay Juan.

2 (Baga man hindi nagbibinyag si Jesús cung di ang caniyang mangá alagad.)

3 Iniuan ang Judéa, at naparoon uli sa Galilea.

4 At quinacailangang magdaan sa Samaria.

5 Naparoon ngá sa isang ciudad nang Samaria na cung tauaguin ay Sicar, sa tabi nang halamanang ibinigay ni Jacob cay José na caniyang anác.

6 At naroroon doon ang balón ni Jacob. At sa pagcapagod ni Jesús sa paglacad, ay naupò ng ganoon sa ibabao ng balón.

7 Niyao'y malapit na ang ica-anim na oras, dumating ang isang babaye na tagá Samaria na cucuha ng tubig;

at sa caniya'y sinabi ni Jesús Painumin mo acó.

8 (Sa pagca't naparoon sa ciudad ang caniyang mga alagad at bumibili nang pagcain.)

9 At sinabi sa caniya nang babayeng Samaritana: ¿Bakit icao, na icao ay Judío ay humihingi ca sa aquin nang mainom, na aco'y babayeng Samaritana? sa pagca't hindi naquiquipag-usap ang mangá Judío sa mangá Samaritano.

10 Sumagot si Jesús, at sa caniya'y sinabi: Cung mapagquilala mo sana ang biyaya nang Dios, at cung sino ang sa iyo'y nagsasabi: Painomin mo acó, icao ay hihingi sa caniya, at icao ay bibigyan niya nang tubig na buháy.

11 Sinabi sa caniya nang babaye: Panginoon, uala cang sucat icacuha nang tubig, at malalim ang balón; ¿saan ngá naroroon ang iyong tubig na buháy?

12 ¿Higuit ca pa baga sa aming amang si Jacob na sa ami'y nagbigay ng balóng itó; na diya'y uminom siya, at ang caniyang mga anác, at ang caniyang mangá hayop?

13 Sumagot si Jesús at sa caniya'y sinábi: Sino man ang uminom nang tubig na ito ay muling mau-uhao:

14 Datapua't anguminom ng tubig na sa caniya'y aquing ibibigay, hindi na mau-uhao magpacailan man: ngunit ang tubig na sa caniya'y aquing ibibigay, ay maguiging isang bucal na pangagalingan ng tubig na ucol sa buhay na ualang hangan.

15 Sinábi sa caniya nang babaye: Panginoon, bigyan mo acó nang tubig na ito, upáng acó'y huag nang mau-uhao, at huag nang pumaritong umiguib pa.

16 Sinábi sa caniya ni Jesús: Lumacad ca, tauaguin mo ang iyong asaua, at icao ay pumarito.

17 Sumagot ang babaye at sinábi: Ualà acong asaua. Sinábi sa caniya ni Jesús: Mabuti ang pagcasabi mo: Ualà acong asaua.

18 Sa pagca't nagcaroon ca nang limang asaua; at ang na sa iyo ngayon ay hindi mo asaua: dito'y sinábi mo ang catotohanan.

19 Sinábi sa caniya nang babaye: Panginoon, sa acalà co'y icao ay Profeta

20 Sumambá ang aming mga magulang sa bundoc na ito, at sinasabi ninyo, na sa Jerusalem ang lugar na quinacailangang pag sambahán.

21 Sa caniya'y sinábi ni Jesús: Babaye, paniualaan mo acó, na dumarating ang oras na hindi ninyo sasambahín ang Amá sa bundoc na itó ó sa Jerusalem man.

22 Sinasambá ninyó ang hindi ninyo nalalaman: sinasambá namin ang nalalaman namin; sa pagca't nanggaling sa mangá Judío ang iquinapapacagaling.

23 Datapua't dumarating ang oras, at ngayon nga sasambahín ng mangá tunay na sumasambá ang Amá sa espítu at sa catotohanan; sa pagca't humahanap din nga ang Amá ng gayong mga sumasambá upáng siya'y caniláng sambahín.

24 Ang Dios ay Espiritu; at ang mangá sa caniya'y sumasambá ay quinacailangang siya'y canilang sambahín nang espítu at nang catotohanan.

25 Sinábi sa caniya nang babaye: Talastas co na parito ang Mesías, na ito'y sinásabing siya ang Cristo: pagca siya'y naparito, ay ipahahayag sa amin ang lahat nang mga bagay.

26 Sinábi sa caniya ni Jesús: Acó nga, na nagsasalit sa iyo.

27 At sa ganito'y siyang pagdating nang caniyang mangá alagad, at silá'y

nangagtacá na siya'y naqui-
quipag-usap sa babayeng
yaon; datapua't sino man
ay ualang nagsabi: ¿Anó
ang inyong itinatanong? ó
¿Anó ang sinásabi mo sa
caniya?

28 Nang magcagayo'y ini-
uan nang babaye ang ca-
niyang bangá, at naparoon
sa ciudad, at sinábi sa ma-
ngá lalaqui:

29 Pumarito cayó, tingnan
ninyo ang isáng lalaqui na
sinábi sa aquin ang lahát
nang aquing guinauà: ¿bacà
cayà ito ngà ang Cristo?

30 Nang magcagayon ay
lumabas sila sa ciudad, at
naparoon sa caniya.

31 Samantala ay ipinama-
manhic sa caniya ng m̃ga
alagad, at sinásabi: Rabí,
cumain ca.

32 At sinábi niya sa canilá:
Mayroon acc'g cacaning
isáng pagcain, na hindì nin-
yo nalalaman.

33 Nang magcagayon ay
nangagsabihan ang mangá
alagad sa isá't isá: ¿Bacà
cayá dinadalhan siya nang
pagcain nang sino man?

34 Sinábi sa canilá ni Jesús:
Ang pagcain co ay ang
aquing gauin ang calooban
nang sa aquin ay nag-utos,
at aquing tapusin ang cani-
yang gauá.

35 ¿Hindì bagá sinásabi
ninyo, na may apat na buan

pa bago dumating ang pag-
aani? Narito ang sa inyo'y
aquing sinásabi: Itunghay
ninyo ang inyong mangá
matá, at inyong tingnan ang
mangá halamanan, sa pag-
ca't pauang mapuputi na
upáng anihin.

36 At ang umaani, ay tu-
matangap ng cabayaran, at
nagtitipon ng bungang ucol
sa buhay na ualang hangan:
at ng ang nagtatanim at ang
umaani ay lumigayà naman.

37 Sa pagca't dito'y catoto-
hanan ang casabihan: Na
ibá ang nagtatanim, at ibá
ang umaani.

38 Cayo'y pinag-utusan co
at ng inyong anihin ang
hindì ninyo lininang: ibá ang
mangá luminang, at cayo'y
siyáng pumasoc sa canilang
lininang.

39 At marami sa mangá
Samaritano sa ciudad, na
yaon ang sa caniya'y su-
mampalataya, dahil sa salitá
ng babaye na nagpapatotoo
at *sinásabi*: Na sa aquin ay
sinábi ang lahát ng aquing
mangá guinauà.

40 Nang sa caniya'y du-
mating nga ang m̃ga Samari-
tano ay sa caniya'y ipinaman-
hic na matira roon: at natira
roong dalauang arao siya.

41 At lalong marami ang
sumaripalataya sa caniya da-
hil sa caniyang pananalitá;

42 At sinásabi nilá sa ba-

baye: Hindi na cami sumasampalataya dahil sa sinabi mo; sa pagca't cami rin ang nacaringig, at nalalaman naming siya ngã ang taga-pagligtas sa sang-libutan.

43 At ng macaraan ang dalauang arao ay umalis doon, at naparoon sa Galiléa.

44 Sa pagca't si Jesús din ang nagpatotoo, na ang profeta sa caniyang sariling bayan ay ualang capurihan.

45 At nang siya'y dumating sa Galiléa, ay tinangap siya nang mangã Galiléa, ng canilang maquita ang lahát ng mga bagay na caniyang guinagauà sa Jerusalem sa arao ng fiesta: sa pagca't sila naman ay naparoon din sa fiesta.

46 Naparoon ngang muli si Jesús sa Caná ng Galiléa, na doo'y caniyang pinapaguing alac ang tubig: at mayroon sa Capernaum na isáng lalaquing tauong hari na ang anác ay may saquít.

47 Nang maringig nito na si Jesús ay dumarating na galing sa Judéa, na ang tungo'y sa Galiléa, naparoon sa caniya at ipinamamanhic na bu-mabà at pagalingin ang caniyang anác na lalaqui; sa pagca't nagpapasimulà na ng pagcamatay.

48 Nang magcagayo'y si nabi sa caniya ni Jesús: Hindi cayó sasampalataya cung dí cayó macaquita ng mga tandà at cababalaghan.

49 Ang tauo ng hari ay sinabi sa caniya: Panginoon, manaog ca muna bago matay ang aquing anác.

50 Sinabi sa caniya ni Jesús: Humayo ca, buháy ang anác mo. At sumampalataya ang lalaqui sa salitã na sinabi sa caniya ni Jesús, at yumao.

51 At ng siya'y nananaog na, sinalubong siya ng caniyang mga alipin at sa caniya'y ibinalitã at sinabi: Buháy ang iyong anác.

52 Nang magcagayo'y caniyang tinanóng sila cung anong oras nagpasimulà ang pag-galing. At sa caniya'y canilang sinabi: Cahapon ng á las siete hinibasan siya ng lagnat.

53 Naunauà ng amá nang magcagayon, na sa oras na yaon ng sabihin sa caniya ni Jesús: Buháy ang anác mo: at sumampalataya siya at ang bóong casambaháy niya.

54 Itó ang pangalauang tandà na guinauà ni Jesús ng siya'y magbalic na galing sa Judéa na ang tungo'y sa Galiléa.

ICALIMANG CAPÍTULO

Pinagaling ni Jesús ang paraltico. Pinaratangan siya ng mang'a Judio dahil sa tandang ito; at sila'y tinutulan nang Panginoon nang mang'a pagpapalotoong hindi maitatangul.

1 Pagcatapos ng mang'a bagay na ito, niyao'y isang arao ng fiesta ng mga Judio, ay umahon si Jesús. sa Jerusalem.

2 At sa Jerusalem, sa may dacong pintô ng tupa, ay may isang estanque (1), nasa uicang hebreo ay tinatauang na Bet-esda, na may limang pintuan.

3 Na sa mga pintuang yaon ay maraming totoong nangahahandusay na mga may saquit, mga bulag, mga pilay, mga natutuyô, na nangagsisipaghintay sa paggalao ng tubig.

4 Sa pagca't nananaog ang isang angel sa isang tangking panahon sa estanque, at hinahalô ang tubig: at ang unang manaog sa estanque, pagcatapos na magalao ang tubig, ay guma-

galing sa ano mang saquit na dinaramdam.

5 At doo'y naroroon ang isang lalaqui na may tatlong puo't ualong taon nang may saquit.

6 Nang maquita ni Jesús na siya'y nacahandusay, at napagquilalang malaon ng panahong may saquit, ay sinábi sa caniya: Ibig mo bagang gumaling?

7 Panginoon, ang sagot sa caniya ng may saquit, ualâ acong táuo na maglusong sa aquin sa estanque paghalô sa tubig, sa pagca't samantalang aco'y naparoroon ay nacalusong na muna ang ibá.

8 Sinábi sa caniya ni Jesús: Magtindig ca, dalhin mo ang iyong hihig-an, at lumacad ca.

9 At pagdaca'y gumaling ang táuong yaon, at dinalá ang caniyang hihig-an, at siya'y lumalacad: at niyao'y arao ng Sábado.

10 Nang magcagayo'y sinábi ng mga Judio doon sa pinagaling: Ngayo'y Sábado:

(1) Tinatauang na estanque ang tanque ó tipunán nang tubig.

hindi matouid na dalhin mo ang iyong hihigan.

11 Sila'y sinagot niya: Ang nagpagaling sa aquin ang siya ring sa aqui'y nagsabi: Dalhin mo ang iyong hihigan, at lumacad ca.

12 Tinanong nila siya ng magcagayon: Sino ang sa iyo'y nagsabi: Dalhin mo ang iyong hihigan at lumacad ca?

13 At ang pinagaling ay hindi maalaman cung sino; sa pagca't si Jesús ay humiualay sa caramihan na nasasalugar na yaon.

14 Pagcatapos ay nasumpungan siya ni Jesús sa templo, at sa caniya'y sinabi: Nárito, icao ay gumaling: huag ca ng magcasala at ng huag ng mangyari sa iyo ang lalô pang masamâ.

15 Umalis na siya ng magcagayon, at nagbigay sabi siya sa mga Judío, na si Jesús ang sa caniya'y nagpagaling.

16 At dahil dito'y pinag-uusig ng mga Judío si Jesús, at pinagsisicapang siya'y patayin, sa pagca't guinagauâ ang mga bagay na ito sa Sábado.

17 At sinagot sila ni Jesús: Hanga ngayo'y gumagauâ ang aking Amá, at acó nama'y gumagauâ

18 Nang magcagayon ay

lalô ng pinagpipilitan ng mga Judío na siya'y patayin, sa pagca't hindi lamang di ipinangngilin ang Sábado, cung di naman tinatauag na caniyang Amá, ang Dios, at naquiquipantay sa Dios.

19 Nang magcagayo'y sumagot si Jesús, at sinabi sa canilá: Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyo: Hindi macagagauâ ang Anác sa caniyang sarili ng ano man, cung hindi ang maquitang gauin ng Amá; sa pagca't ang lahát ng caniyang guinagauâ, ay ito rin ang casabay na guinagauâ ng Anác.

20 Sa pagca't sinisintá ng Amá ang Anác, at sa caniya'y ipinaquiquita ang lahát ng caniyang mga guinagauâ; at lalong malalaquing gauâ cay sa rito ang sa caniya'y ipaquiquita, na anó pa't cayó'y manguiguilalas.

21 Sa pagca't palibhasa'y ibinabangon ng Amá ang mga patay, at sila'y binibigyan ng buhay, gayon din naman ang Anác na nagbibigay ng buhay sa mga iniibig.

22 Sa pagca't sino ma'y hindi hinahatulan ng Amá, palibhasa'y ipinagcaloob sa Anác ang boong cahatulan.

23 Upang paunlacan nang lahát ang Anác, na gaya ng

pagpapaunlac sa Amá; ang hindi nagpapaunlac sa Anác, ay hindi nagpapaunlac sa Amá na sa caniya'y nag-utos.

24 Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyo: Ang dumiringig nang aquing uicà, at sumasampalataya sa nag-utos sa aquin, ay may buhay na ualang hangan, at hindi mapacacasamà, cung hindi mangagaling sa camatayan na ang tunço'y sa cabuhayan.

25 Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyo: Darating ang oras, at nga-yo'y siyang pagcaringig ng mğa patay sa tinig ng Anác ng Dios; at ang mğa macaringig ay mangabubuhay.

26 Sa pagca't cung ang Amá ay may buhay sa caniyang sarili, ay gayon din namang binigyan ang Anác na magcaroon ng buhay sa caniyang sarili.

27 At binigyan din naman siya ng capangyarihang machatol, sa caniyang pagca Anác ng táuo.

28 Huag cayong magtacá nitó, sa pagca't darating ang oras na ang lahát ng mğa na sa libingan ay mariringig nila ang caniyang tinig at mangagsisialis;

29 At ang mğa nagsigauà ng magaling, ay mangabu-buhay na mag-ulí sa buhay: datapua't ang mğa nagsi-

gauà ng masamá ay mğa bubuhay na mag-ulí sa hatol na caparusahan.

30 Hindi aco macagagauà ng ano man sa aquing sarili. Humahatol aco ayon sa aquing nariringig, at ang paghatol co'y na sa matouid, sa pagca't hindi co hinahanap ang aquing calooban, cung di ang calooban ng nagpadalá sa aquin.

31 Cung aco'y nagpapatotoo sa aquing sarili, ang pagpapatotoo co ay hindi catotohanan.

32 Ibá ang nagpapatotoo sa aquin, at talastas co na ang pagpapatotoo sa aquin, ay catotohanan.

33 Inyong ipinadalá si Juan, at siya'y nagpatotoo sa catotohanan.

34 Datapua't hindi co tinatangap ang pagpapatotoo ng táuo; nguni't sinásabi co itó, upáng cayo'y mapacagaling.

35 Siya'y isáng lámpara na nagniningas at lumiliuanag; at inibig ninyong cayo'y magsayang sumandalí sa caniyang ilao.

36 Datapua't mayroon acong lalong malalaquing maipagpapatotoo cay sa cay Juan; sa pagca't ang mğa gauaug ibinigay sa aquin ng aquing Amá, upáng tuparin, ay siya ring mğa gauà na aquing gainagauà na nagpapatotoo

sa aquin na aco'y inutusan
ng Amá.

37 At ang nag-utos sa
aquin, ang Amá, ang siyang
nagpatotoo sa aquin. Cailan
ma'y hindi ninyó naringig
ang caniyang tiníg, at hindi
ninyó naquiquita ang ca-
niyang anyò.

38 Hindi nanánatili sa
inyó ang caniyáng uicâ: sa
pagca't hindi cayó sumasam-
palataya sa caniyáng inu-
tusan.

39 Salicsiquin ninyó ang
mga casulatan; sa pagca't
ang sapantahâ ninyo'y doon
naroroon ang inyóng buhay
na ualang hangan, at ang
mga casulatang iyan ang si-
yang nagpápatotoo sa aquin.

40 At aayao cayóng lu-
mapit sa aquin, upáng ca-
yo'y magcaroon ng buhay.

41 Hindi acó tumatangáp
ng pagbibigay unlác na ibi-
nibigay ng mga táuo.

42 Datapua't naquiquita co
cayó, na hindi sumasainyó
ang pagsintá sa Dios.

43 Naparito acó sa pa-
ngalan ng -quing Amá, hindi
ninyó acó tinatangáp: cung
ibá ang pumarito sa caniya
ring pangalan, yaon ang
inyong tatangapin.

44 Paano bagá na cayo'y
magcacaroon ng pananam-
palataya, ay cayo'y nagta-
tangapan sa isá't isá sa
inyó ng mga capurihan, at
hindi ninyó hinahanap ang
capurihang sa Dios lamang
nangagaling?

45 Huag ninyóng acalaing
cayo'y aquing isusumbong
sa harap ng aquing Amá:
si Moisés ang magsusum-
bong sa inyo, yaon bagáng
inyóng inaasahan.

46 Sa pagca't cung cayo'y
sumampalataya cay Moisés,
ay sasampalataya cayó sa
aquin, sa pagca't tungcól
sa aquin siya'y sumulat.

47 At cung hindi cayó su-
masampalataya sa caniyang
mga sulat, paanong sasam-
palataya cayó sa aquing
mga salità?



ICANIM NA CAPÍTULO.

Pinarami ni Jesús ang mang'a tinapay tumacas si Jesús sa mang'a nag-iibig na siya'y gawing hari Lumacad sa ibabno ng mang'a alon ng dagat. Itinuro na siya ang tinapay ng buhay sa mang'a toloong sumasampalataya. Hinulaan ang paglililo ni Judas.

1 Nang macaraan na ang mga bagay na ito, si Jesús ay naparoon sa cabilang ibayo ng dagat ng Galilea na siyang dagat ng Tiberias.

2 At sumusunod sa caniyá ang lubhang maraming tauo, sa pagca't canilang naquiquita ang caniyang mang'a tandà na guinagaua sa mga may saquit.

3 At umahon si Jesús sa isang bundoc, at di umupo na casama ng caniyang mga alagad.

4 At malapit na ang pas-cua, na fiesta ng mga Judio

5 At ng itaas ang mga matá ni Jesús, at ng ma-quita niya ang caramihan tauong sa caniya'y lumala-pit ay sinabi cay Felipe: Saan tayo bibili ng tinapay upang mangagsicain ito?

6 Datapuat ito'y caniyang sinabi sa caniya upang siya'y ticman sa pagca't na-

lalaman na niya ang cani-yang gagauin.

7 Sumagot si Felipe sa caniyá: Hindi magcacasiya sa canila ang dalauang daang dinariong (*) tinapay upang macacain nang caunti ang bauan't isa.

8 Sinabi sa caniya na isa sa caniyang mga alagad na si Andrés capatid ni Simón Pedro.

9 Isang batang lalaqui ay naririto na mayroong li-mang tinapay na cebada at dalauang maliliit na isda; datapoua't gaano na ito sa caniyang caraming tauo.

10 Nang magcagayon ay sinabi ni Jesús: Inyong pahiliguin ang mga tauo. At madamó sa lugar na yaon: at nangagsihilig ang may mga limang libong lalaqui ang bilang.

11 At dinampot ni Jesús ang mga tinapay na yaon, at ng siya'y macapagpasa-lamat na, ay ipinamahagui sa caniyang mga alagad, at ipinamahagui ng mang'a alagad sa mga nang'a hihilig at gayon din ang mga isda, sa bauan't macaibig.

12 At ng sila'y mga busog na, sinabi sa caniyang mga alagad: inyong tipunin ang

(*) Oulang na anim na puot ualong piso.

mga nátira at ng huag mga sayang.

13 Canilá ngang pinulot at caniláng nasicsic ang labing dalauang bacol sa mga pira-piraso niyong limang tinapay na cebada, na lumabis sa mga nasicain.

14 At ng maquita ng mga tauong yaon ang guinauang tandà ni Jesús, ay caniláng sinabi: totoó ngang itó ang Profeta naparirito sa sanglibutan.

15 At sa pagcaunauâ ni Jesús na sila'y mangagsi-siparoon sa caniyá upang siya'y agauin, at ng siya'y gauing hari, ay muling nagbalic sa bundóc, na nag-iisá.

16 At sa pagca't gumabí na ay bumabà ang caniyang mga alagád sa dagat.

17 At pagsacay nilá sa daong ay sila'y nangagsitulac na ang tungo'y sa cabiláng ibayo ng dagat sa dacong Capernaum. At tunay na gumabí na, ay hindi pa naparoon sa canilá si Jesús.

18 At lumalaqui ang mga alon sa dagat dahil sa isáng malacás na hangging humihip.

19 At ng sila'y nacapaglalayag na ng may mga dalauang puo't limá ótatlong puong estadio, (1) ay caniláng naquita na lumalacad

si Jesús sa ibabao ng dagat, at lumalapit sa daong; at sila'y nangahintacutan.

20 Datapat sinabi niya sa canilá: Acó ngà, huag cayong matakot.

21 Tinangáp ngà siya nilá ng malaquing tuà sa daong; at pagdaca'y dumating ang daong sa lupang caniláng tinútumpá.

22 Quinabucasan ng maquita ng mga tauo na nasacabilang ibayo ng dagat, na doo'y ualang ibáng maliit na daong cung dí isá, at doo'y hindi lumulan si Jesús na casama ng caniyang mga alagád, cung hindi nangag-iisáng lumayag silá.

23 At ang ibáng maliliit na daong ay nangagsihimpil sa Tiberias, sa tabí ng lugar na caniláng quinainan ng tinapay, pagcatapus na macapagpasalamat ang Panģinoon.

24 Ng maquita ngà nang mga tauo na ualà na roon si Jesús, at gayón din ang caniyáng mga alagád, ay nangagsisacay silá sa mga maliliit na daong, at sila'y napasa Capernaum, na si Jesús ang caniláng hinahanap.

25 At ng siya'y caniláng masumponģan sa cabiláng ibayo ng dagat, ay cani-

(1) Bauat dalauang puo't siyam na estadio ay may isáng legua natin.

láng sinabi sa caniyá; Rabi, ¿cailan ca dumating dito?

26 Sinagot silá ni Jesús, at sinabi; Ang catotohanan. ang catotohana'y sinabi co sa inyó na acó'y inyóng hináhanap, hindi dahil sa inyóng naquita ang mangá tandà, cung dí dahil sa cayo'y cumain ng tinapay, at cayo'y nangabusog.

27 Mangagsicap cayó, hindi dahil sa pagcain namamatay, cung dí dahil sa pagcaing tumatagal sa buhay na ualang hangan, pagcaing ibinigay sa inyó ng Anac ng táuo; sa pagca't ito'y siyang tinatacang tunay na caniya ng Ama, na Dios.

28 At sa caniyá'y caniláng sinabi; ¿Anó ang aming gagauin upáng aming gauin ang gauà ng Dios?

29 Sumagot si Jesús, at sa canila'y sinabi; Ito ang gauà ng Dios, na cayo'y sumampalataya sa caniyang inutusan.

30 Sinabi ngà nilá sa caniya; ¿Anó bagá ang tandang iyong guinágauà, upáng aming maquita at sampalatayanan ca namin? ¿Anó ang guinágauà mo?

31 Cumain ang aming mga magulang nang maná sa iláng, alinsunod sa nasusulat. Tinapay ng langit ang sa canila'y pinacain.

32 At sinabi sa canilá ni

Jesús; Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyó, na cayo'y hindi binigyan ni Moises ng tinapay sa calangitan, datapat ang aquing Amá ay binibigyan cayó ng tuna'y na tinapay sa langit.

33 Sa pagca't ang tinapay ng Dios ay yaong tunay na nangaling sa langit, at nagbibigay buhay sa sanglibutan.

34 At sa caniya'y caniláng sinabi; Panginoon, ibigay mong palagú sa amin ang tinapay na itó.

35 At sa canila'y sinabi ni Jesús; Acó ngà ang tinapay ng cabuhayan; Ang lumálapit sa aquin, cailan ma'y hindi magugutom; at ang sumasampalataya sa aquin, cailan may hindi nauuhao,

36 Datapat sinabi co na sa inyó, na cahit maquita ninyó acó, ay hindi ninyó acó sinasampalatayanan.

37 At ang lahát ng ibinigay sa aquin ng Amá, ay mapapasaaquin; at ang lumalapit sa aquin ay hindi co pinaaalís.

38 Sa pagca't nanaog acóng galing sa langit, hindi na upáng gauin co ang aquing calooban, cung dí ang calooban nang nagutos sa aquin.

39 At ang calooban nang Amá na nagutos sa aquin,

ay itó: Ang lahát na ibigay sa aquin, ay huag na mapacasamâ, cung dî ang siya'y buhaing mag-ull sa hulíng arao.

40 Itó ngâ ang calooban ng nag-utos sa aquin: Na ang lahát na naquiquita sa Anác, at sa caniya'y sumasampalataya ay magcacamit ng ualang hangang buhay, at bubuhaing co siyang mag-ull sa hulíng arao.

41 Nang magcagayo'y pinagbubulong-bulunganan siya ng mga Judio, sa pagca't caniyang sinabi: Acó ngâ ang tinapay na nanaog na galing sa langit.

42 At caniláng sinásabi: ¿Hindì bagá itó ang si Jesús, Anác ni José, at naquiquilala natin ang caniyang amá at iná? ¿Baquit ngâ sinásabi nitó: Buhat ngâ sa langit ay aco'y nanaog dito?

43 At sumagot si Jesús, at sa camila'y sinabi. Huag cayóng manggagbulong-bulunganan sa inyó-inyo rin.

44 Sino ma'y hindì macalalapit sa aquin, cung ang Amá na nag-utos sa aquin ay hindì siya dalhin dito; at siya'y buhain cong mag-ull sa hulíng arao.

45 Nasusulat ngâ sa mga Profeta: at tuturuan ang lahát ng mga nauucol sa Dios; eayâ ngâ ang sino mang macaringig sa Amá, at

nag-aral, ay pumaparito sa aquin:

46 Sino ma'y hindì nacaquita sa Amá cung dî yaong nangaling sa Dios; naquita nitó ang Amá.

47 Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyó: Ang sumasampalataya sa aquin, ay may buhay na ualang hangan.

48 Acó ngâ ang tinapay ng cabuhayan.

49 Nangagsicain ang inyong mga magugulang ng maná sa iláng, at pauang nangamatay.

50 Itó ang tinapay na bumabáng galing sa langit, upáng ang cumain nito'y huag mamatay.

51 Acó ngâ ang tinapay na buháy na bumabáng galing sa langit: sino man ang cumain ng tinapay na itó ay mabubuhay magpacailan man: at ang tinapay na aquing ibibigay ay ang aquing lamán, na ito'y ipagcacaloob co sa icabubuhay ng sang-libutan.

52 Nang magcagayo'y nagtatálo ang mga Judio, at sinásabi: ¿Paanong pangyayare na maipacacain itó sa atin ang caniyang lamán?

53 At sinabi sa canilá ni Jesús: Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyo na cung dî cayó camain ng lamán ng Anác ng táuo

at inumin ang caniyang dugò, ay hindi cayó magcacaroon ng búhay.

54 Ang cumacain ng aquing lamán, at umi-inom ng aquing dugò ay may buhay na ualang hangan; at siya'y bubuhain cong mag-uli sa hulíng arao.

55 Sa pagca't ang aquing lamán ay tunay na pagcain; at ang aquing dugò ay tunay na inumin.

56 Ang cumacain ng aquing lamán, at umi-inom ng aquing dugò, siya'y sumasa-aquin at aco'y sumasacaniyá.

57 Cung paano ang pagcapag-utos sa aquin nang Amáng buháy, at aco'y nabubuhay sa pamamaguitan ng Amá. gayon din naman ang cumacain sa aquin, itó nama'y mabubuhay dahilán sa aquin.

58 Itó ang tinapay na bumabáng galing sa langit; hindi gaya ng inyóng mangá magugulang na nangagsicain ng *maná* at sacà nangamatay: Ang cumacain ng tinapay na itó ay nabubuhay na ualang hangan.

59 Sinabi ang mga bagay na itó sa Sinagoga ng siya'y nagtúturô sa Capernaum.

60 At marami sa caniyang mga alagád ng maringig itó ay nangagsabi: Matigás ang pananalitang itó; ¿Sino ang macariririg?

61 At sa pagca-alam ni

Jesús sa caniyang sarili na nagbubulong-bulungan ang caniyang mga alagád tungcol sa bagay na itó, sa canila'y sinabi: ¿Itó bagá ang sa inyo'y nacapag-aalinlangan?

62 ¿Anó ang inyóng *iisipin*, cung maquita ninyó ang Anác ng táuo na pumanhic sa quinalalagyan ng una?

63 Ang espíritu ang siyang nagbibigay buhay; ualang pinaquínabang ang lamán: ang mga sabing sinalitá co na sa inyó ay pauang espíritu at pauang buhay.

64 Datapua't may ilán sa inyóng hindi sumampalataya. Sa pagca't buhat pa nang una'y talastas na niyá cung sino sino ang mga hindi sumasampalataya, at cung sino ang sa caniya'y magcacanulò.

65 At sinabi: Caya nga sinabi co sa inyó na sino man ay hindi macaparírito sa aquin cung hindi pahintulot sa caniyá ng aquing Amá.

66 Buhat noon ang marami sa caniyáng mga alagád ay nangagsilayò sa caniyá, at hindi na sumasama sa caniyá.

67 Nang magcagayo'y sinabi ni Jesús sa labindalawa: ¿Ibig bagá ninyóng mangagsialis namán?

68 At sinagot siya ni Simón Pedro: Panginoon, at canģino camí paroroon? Icao ay may mģa salitang nagbibigay nģ buhay na ualang hangan.

69 At camí sumásampalataya at naquiquilala namin na icao ay isáng Santo nģ Dios.

70 Sinagot silá ni Jesús: Hindi bagá hinirang co cayóng labindalaua, at ang isá sa inyó ay siyang diablo?

71 At ang sinásabi niyá si Judas Iscariote, *anac* ni Simón. Sa pagca't itó ang sa caniya'y nagcácanulò, at siya'y isá sa labindalaua.

ICAPITONG CAPÍTULO.

Na pa sa Jerusalem si Jesús dahil sa fiesta nģ mangģa Tabernáculo: nangaral sa templo: ipinaliuanag na lubos ang catotohanan nģ caniyáng guinaganáp na catungculan at nģ caniyáng aral, at pinapagbago ang púsò nang mangģa nagsiparoon upáng siya'y hulihin. Ipinagsangalang siya ni Nicodemo.

1 At nģ macaraan ang mģa bagay na itó ay naglalacad si Jesús sa Galilea, sa pagca't ayao maglacad sa Judea, dahil sa pinagpipilitan nģ mģa Judiong siya'y patayin.

2 At malapit na noon ang fiesta nģ mģa Judio na cung tauagui'y Tabernáculos.

3 At sinabi sa caniya nģ caniyáng mģa capatid: Yumaon ca na rito, at pumaron ca sa Judea at nģ maquita naman nģ iyóng mģa alagád ang mģa gauang guinágauà mo.

4 Sa pagca't ang sino man nagsisicap lumagay sa calluanagan ay hindi gumágauà nģ anó man sa lihim: Cung guinágauà mo ang mģa bagay na itó, paguilalaca sa sang-libutan.

5 Sa pagca't cahit ang caniyáng mģa capatid man ay hindi sumasampalataya sa caniyá.

6 Nģ magcagayo'y sinabi sa canilá ni Jesús: Hindi pa dumarating ang aquing panahon: laguing nahahandà ang inyong panahon.

7 Hindi mangyayaring cayo'yca'upitan nģ sang-libutan nģuni't aco'y quinalukupitan, sa pagca't aquing pinatotohanan na pauang masasamà ang caniyáng mangģa gauà.

8 Umahon cayó sa fiestang itó: aco'y hindi pa umaahon sa fiestang itó, sa pagca't

hindi pa nagáganip ang aquing panahon,

9 At ng masabi sa canilá itó, ay natira siya sa Galilea.

10 Datapua't nang mang-a-caahon na ang caniyáng mga capatid sa fiesta ng magcagayo'y umaahon naman siyá, hindi sa hayag cung di uari sa lihim.

11 At hinahanap siyá nang mga Judio sa fiesta, at caniláng sinásabi: ¿Saan naroon siyá?

12 At malaquí ang mang-a-pagbubulong-bulungán tun-col sa caniyá ng mga táuo; sa pagca't sinásabi ng ibá: Mabait ngà. At sinásabi naman ng ibá: Hindi, cung di bagcus pa ngang nangdadayá sa mga táuo.

13 Datapua't sinoma'y hindi guinagambitlá siyá dahil sa tacot sa caniyá ng mang-a-Judio.

14 At sa calaguitnaan ng fiesta ay umahon si Jesús sa templo at nagtuturô.

15 At nangagtátacá ang mga Judio at caniláng sinásabi: ¿Baquit marunong itó ng mga letra, ay gayong hindi naman nag-aral?

16 Sinagot silá ni Jesús at sa canila'y sinabi: Ang iniaaral co ay hindi aquin cung di doon sa nag-utos sa aquin.

17 Ang nacaibig gumauà ng caniyáng calooban ma-

pagquíquilala sa ini-aaral cong galing sa Dios, ó cung aco'y nagsásalitá ng sa aquing sarili.

18 Ang nagsásalitá nang ucol sa caniyáng sarili, hinahanap ang caniyáng sari-ling caloualhatian, datapua't ang humahanap ng caloualhatian niyaong sa caniya'y nag-utos, itó ang tunay, at sa caniya'y ualang calicuan.

19 ¿Hindi bagá ibinigay sa inyó ni Moises ang cautusan at sino man sa inyó ay hindi guinágauà ang cautusan? ¿Baquit pinagsisicapan ninyóng aco'y patayin?

20 Sumagot ang mga táuo, at sinabi: Mayroón kang Demonio: ¿Sino ang nagpipilit na icao ay patayin?

21 Sumagot si Jesús at sa canila'y sinabi: Isáng bagay lamang ang aquing guinauà ay cayó ay nagtátacá.

22 Ibinigay ngà sa inyó ni Moises ang pagtutuli (hindi dahil sa ito'y nangaling ca'y Moises, cung di sa mang-a-patriarca), at tinútuli pa ninyó sa Sábado ang lalaqui.

23 Cung tinátangáp nang lalaqui ang pagtutuli sa Sábado upáng huag labaguin ang cautusan ni Moises, nagagalit cayó sa aquin dahil sa pinagaling cong lubós ang isáng táuo sa Sábado.

24 Huag cayóng humatol

ayon sa naquiquita sa dacong labas, datapua't humatol cayó alinsunod sa catuiran.

25 Sinabi ng magcagayon ng iláng mga tagá Jerusalem: ¿Hindi bagá itó ang caniláng pinaghahanap upáng siya'y patayin?

26 At nárito, hayag na nagsásalita at ualáng anó mang sinásabi sa caniyá: ¿Napagquilala cayáng tunay ng mga príncipe, na itó ngá ang Cristo?

27 Datapua't nalalaman namin cung tagá saan itó; at cung pumarito si Cristo, sino ma'y ualang maca-aalam cung tagá saan siyá.

28 Ng magcagayo'y sumisigao si Jesús sa templo na nagtúturó at sinásabi: At aco y inyóng naquiquilala at nalalaman ninyó cung tagá saan acó; at hindi acó nangaling sa aquin din, datapua't ang nag-utos sa aquin ay siyáng tunay, at ito'y hindi ninyó naquiquilala.

29 Siya'y naquiquilala co; sa pagca't aco'y caniyá ngá at siyá ang nag-utos sa aquin

30 Ng magcagayo'y pinagpipilitan nilá siyáng hulihin: datapua't sino ma'y ualang sumungab sa caniyá, palibhasa'y hindi pa dumarating ang caniyáng oras.

31 At maraming táuo sa bayan ang sa caniya'y su-

mampalataya at nangagsasabi: ¿Diyata't cung pumarito cayá ang Cristo ay gagauà pa ng lalong maraming tandà cay sa mangá guinágauà nito?

32 Nadinig ng mga Fariseo ang mga bulong-bulungan ng mga táuo tungcol sa caniyá, at nag-utos ang mga príncipe ng mga Sacerdote at ang mga Fariseo sa caniláng mga algucil upáng siya'y caniláng hulihin.

33 At sinabi ni Jesús: Maquiquisama pa acó sa inyóng sandaling panahon, at aco'y paroroon sa nag-utos sa aquin.

34 Hahanapin ninyó acó ay hindi ninyó acó masusumpungan; at cung saan acó malagay ay hindi cayó macaparóroon.

35 Nang magcagayo'y nangag sang-usapan ang mga Judió: ¿Saan paroroon itó na hindi natin masusumpungan? ¿Siyá caya'y paroroon sa mga nagsisipangalat sa mga Griego, at mangagtúturó sa mga Griego?

36 ¿Anó ang salitang itó na caniyáng sinabi: bahanapin ninyó acó ay hindi ninyó acó masusumpungan, at cung saan acó naroroon ay hindi cayó macaparoroon?

37 Datapua't sa hulíng arao na daquilá ng fiesta, si Jesús ay tumitindig at sumisigao:

Cung sino man ang nauuhao ay pumarito sa aquin at uminom.

38 Ang sumámpalataya sa aquin, ayon sa sabi ng casulatan, ilog ng tubig na buháy ang siyang tatacbo sa caniyáng tiyan.

39 (At ito'y sinabi ng espi-ritu na tatanggapin ng mga sumámpalataya sa caniyá; sa pagca't hindi pa ipinagcacaloob ang Espiritu Santo; sa pagca't si Jesús ay hindi pa pinaluloualhati.)

40 Nang magcagayo'y ang ilán sa caramihan ng marinig ang saysay na itó, ay nangagsabi: Tunay na tunay ngang itó ang Profeta.

41 Sinásabi naman ng mga ibá: Itó ngá ang Cristo. Gayón ma'y sinásabi nang ilan. Sa Galilea bagá manggaling ang Cristo?

42 Hindi bagá sinásabi ng casulatan: Na sa binhi ni David, at sa bayang muntí ng Betlehem, na tinubuan ni David, ay doon mangagaling ang Cristo?

43 Cayá ngá nangagtatalo ang mga táuo dahil sa caniyá.

44 At ibig ng ilán sa canilá na siya'y caniláng hulihin; datapua't sino ma'y hindi cumapit sa caniyá.

45 Naparoon ngá ang mga algucil sa mga punò nang mga Sacerdote at ng mga Fariseo; at sinabi nilá sa canila: Baquit hindi ninyó siyá dinalá rito?

46 Nangagsisagot ang mga ministril: cailan ma'y ualang táuong nagsalitá na gaya ng táuong itó.

47 Nang magcagayo'y sinagot silá ng mga Fariseo: Cayó bagá naman ay pauang mga dinayá rin?

48 Sumámpalataya bagá sa caniyá ang mga príncipe ó ang mga Fariseo?

49 Ang mga caramihang itó na hindi nacaalam nang cautusan, ay pauang mga pusóng.

50 Sinabi sa canilá ni Nicodemos (yaóng pumaroon cay Jesús sa gabí, bagá man isá sa canilá.)

51 Hinahatulan bagá nang ating cautusan ang sino man na di muna dinguin siyá, at talastasin cung anó ang caniyáng guinauá.

52 Nangagsisagot at sinabi sa caniyá. Hindi bagá tagá Galilea ca rin? Salicsiquin mo at lyóng maquiquita na caylan ma'y ualang luma-labas na Profeta sa Galilea.

ICAUALONG CAPITULO

Iniligtas ni Jesús sa camatayan ang isáng babayeng nangangalunya at caniyáng hiniyâ ang mangâ nagsumbong sa babayeng yaón. Sinaysay sa iba't ibáng paraang siyâ ang Anâc nang Dios, at ang Mesias na pangacò.

1 At bawâ't isa'y umu-ul sa caniyáng bahay. At naparoon si Jesús sa bundóc ng mga Oliva.

2 At quinabucasa'y nagbalic siyâ sa templo, at ang boong bayan ay lumapit sa caniyâ; at siya'y paupò na sila'y tinuturuan.

3 At dinalâ sa caniyâ ng mga escriba at ng mangâ fariseo ang isáng babaye na caniláng nahuli sa pangangalunya, at caniláng inilagay sa guitnâ ang babayeng itó.

4 At sa caniya'y caniláng sinabi: Maestro nahuli ang babayeng itó sa oras na caniyáng guinágauâ ang pangangalunya.

5 At ipinag-utos sa amin ng cautusan ni Moises na batuhin ang mga ganiyân; icaò ngâ. ¿Anó bagâ ang iyóng sinásabi?

6 Datapua't ito'y caniláng sinásabi, upáng siya'y tuc-

suhin at ng siya'y caniláng maisumbong. Datapua't yumucò si Jesús sa ibabâ at isinulat ang caniyang daliri sa lúpâ.

7 Datapua't sa caniláng pananatili sa pagtanong ay umunat, at sa canila'y sinabi; Ang sino man sa inyóng ualang casalanan ay siyáng maunang bumató sa caniyâ.

8 At muli siyáng yumucò sa ibabâ, at sumúsulat sa lúpâ.

9 At ng maringig nilâ itó, sa pag-aagam-agam nang budhi, nangag si alis na isâ isâ, na nagpasimulâ ang mga matatandâ, at bago sumunod ang mga batâ, at natirang mag-isâ si Jesús at ang babayeng sumasaguitnâ.

10 Nang magcagayo'y tumindig si Jesús, at nang ualâ siyáng maquita cung di ang babaye, sa caniyâ'y sinabi: Babaye, ¿Saan naroon ang sa iyó'y nangag-susumbong? ¿Sino man sa canila'y ualang nagparusa sa iyó?

11 At sinabi ng babaye sa caniyâ: Panginoon ualâ sino man. Nang magcagayo'y sinabi sa caniyâ ni Jesús: Acó man ay hindi rin quita

parurusahan, lumacad ca, at huag ca ng gumauà nang casalanan.

12 At muling pinagsabihan sila ni Jesús at sa canila'y isinaysay. Acó ngà ang ilao ng sang-libutan ang sumusunód sa aquin ay hindi lalacad sa cadiliman cung di magcacaroon ng ilao sa pamumuhay.

13 Sinabi ngà sa caniyá ng mga fariseo. Nagpápatotoo ca sa iyó ring sarili, hindi totoo ang pagpapatotoo mo.

14 Sumagot si Jesús at sa canila'y sinabi: cahit aco'y nagbibigay ng pagpapatotoo sa aquin din, ay catotohanan ang aquing pagpapatotoo. sa pagca't nalalaman co cung saan acó nangaling, at cung saan acó paroroon. Datapua't hindi ninyó nalalaman cung saan acó nangaling at cung saan acó paroroon.

15 Nagpápasíyá cayó alin-sunod sa lámán: aco'y hindi nagpápasíyá sa canino man.

16 At cung aco'y nagpápasíyá, ang pagpapasíyá co'y totoo, sa pagca't hindi aco nag-iisá, cung di acó at ang Amá na nag-utos sa aquin.

17 At nasusulat sa inyóng cautusan na ang pagpapatotoo ng dalauang táuo ay catotohanan.

18 Nagpapatotoo sa aquing

sarili: at nagpapatotoo' sa aquin ang Amá na sa aqui'y nag-utos.

19 At sa caniyá'y caniláng sinásabi: ¿Saan naroroon ang iyóng Amá? Sumagot si Jesús: Aco'y hindi ninyó naquiquilala at hindi rin ninyó naquiquilala ang aquing Amá: Cung aco'y inyóng maquilala, ay maquiquilala rin ninyó ang aquing Amá.

20 Sinaysay ni Jesús ang mga sabin itó sa lugar na pinaglilimusan, na nagtuturó sa templo, at sino man ay ualang humuli sa caniyá sa pagca't hindi pa dumarating ang caniyáng oras.

21 At muling sa canila'y sinabi ni Jesús: Yayaon acó, at aco'y inyóng habanapin, datapua't mamatay cayó sa inyóng casalanan: sa aquing paroroonan, ay hindi cayó macaparoroon.

22 Nang magcagayo'y sinásabi ng mga Judio: ¿Diua yata'y magpapacamatay sa sarili, sa pagca't sinásabi: Sa aquing paroroonan ay hindi cayó macaparóroon?

23 At sa canila'y sinásabi cayó'y pauang mangá tagá ibabà, aco'y tagá itaas; cayo'y mangá tagá rito sa sang-libutan, aco'y hindi tagá rito sa sang-libutang itó. ✽

24 Cayà ngà sinabi co sa inyó na cayo'y mamatay sa inyóng mga casalanan, sa

sa pagca't cung hindi cayó sumampalataya na acó ngã, mamatay cayó sa inyóng m̃ga casalanan.

25 At sa caniya'y caniláng sinásabi. Icao baga'y sino? Nang magcagayo'y sinabi sa canilá ni Jesús: Ang sinabi co na sa inyó nang una.

26 Maraming m̃ga bagay sa inyó'y aquing sasabihin ang pagpapasiyá tungcol sa inyó: Datapua't ang nagutos sa aquin ay totoo, at ang sa caniya'y aquing narinig, itó ang isinasaysay co sa sang-libutan.

27 Datapua't hindi nilá na-unauâ na ang Amá ang caniyáng sinásabi.

28 Sinabi ngã sa canilá ni Jesús. Pagca itinaas ninyó ang Anác ng táuo, pagca nagcagayo'y mauunauâ ninyóng acó ngã, at ualà acóng guínagauâ sa aquin lamang sarili, cung di sinásabi co ang m̃ga bagay na itó ayon sa utos ng aquing Amá.

29 Sa pagca't ang nagutos sa aquin, ay sumásaaquin. hindi acó binayaang nag-iisá ng Amá, sa pagca't guínagauâ cong lagul ang sa caniya'y nacapagbibigay lugod.

30 Sa pagsasalitâ niyá ng m̃ga bagay na itó ay maraming sumampalataya sa caniyá.

31 At sinásabi ni Jesús sa m̃ga sumampalataya sa caniyá: Cung cayo'y manatili sa aquing aral cayo'y maguiguing tuna'y na m̃ga alagád co.

32 At maquiquilala ninyó ang catotohanan, at ang catotohana'y siyáng sa inyo'y magliligtas.

33 At sa caniya'y caniláng isinagot: Binhi ni Abraham camí at cailan ma'y hindi camí naglilingcod canino man; Ibaquit sinásabi mo: Cayo'y magtátamó ng calayaan?

34 Sinagot silá ni Jesús ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyó, na ang lahat na nagcácamit casalanan ay alipin ngã ng casalanan.

35 At hindi nanatiling lagut ang alipín sa bahay: ang anác ang siyáng lumalagut magpacailan man.

36 Cayà ngã cung cayo'y iligtas ng Anác, ay cayo'y magtátamó ng tunay na calayaan.

37 Talastas co na cayo'y sa lipí ni Abraham; ngunit pinagpipilitan ninyóng aco'y patayin, sa pagca't ang pangaral co'y hindi magcasiyá sa inyó.

38 Sinasaysay co ang aquing naquita aquing Amá, at guínagauâ ninyó ang inyóng naquita sa inyóng amá.

39 Nangagsisagot at sa caniya'y caniláng sinabi: Si Abraham ang aming Amá. Sa canila'y sinabi ni Jesús: Cung cayo'y mġa anác ni Abraham, ay gagauin ninyó ang mġa gauà ni Abraham.

40 Gayon ma'y pinagpipilitan ninyóng aco'y patayin, táuonġ sa inyo'y nagsabi nġ catotohanan, aquing narinig sa Dios: ito'y hindi guináuà ni Abraham.

41 Guinágauà ninyó ang mġa gauà nġ inyóng amá. Nġ magcagayo'y sinabi nilá sa caniyá: hindi camí ini-anác sa paquiquiapid; iisá lamang ang aming Amá, ang Dios.

42 Nang magcagayo'y sinabi sa canilá ni Jesús: cung Dios nġa ang inyóng Amá, tunay nġang aco'y inyóng iibiguin, sa pagca't aco'y nagmulà at nangaling sa Dios; sa pagca't hindi acó nangaling sa aquin din, cung dí siyá ang nag-utos sa aquin.

43 ¿Baquit hindi ninyó napag-uunauà ang aquing pananalità? sa pagca't hindi ninyó mangyayaring dinguin ang aquing aral.

44 Cayó nġa'y sa inyóng amáng diablo, at ang mġa nais nġ inyóng amá ang siyáng nais ninyóng ganapin. Siyá'y māmamatáy táuo bu-

hat pa nġ una; at hindi natili sa catotohanan, sa pagca't ualang catotohanan sa caniyá pagca nagsásalità ang casinungalingan, ay nagsásalità nġ ganáng caniyá, sa pagca't sinungaling, at amá nġ mġa casinungalingan.

45 At dahil sa sinásabi co ang catotohanan, ay hindi acóng sampalatayanan ninyó.

46 ¿Sino bagása inyo ang macapagsásalitáng aco'y ma'y casalanan? at cung catotohanan ang aquing sinásabi, ¿baquit hindi ninyó acó sinasampalatayanan?

47 Ang sa Dios, ay pinaquiquingan ang mangá aral nġ Dios: Cayà nġa hindi ninyó diniringig ang mangá aral na iyán, sa pagca't cayo'y hindi sa Dios.

48 Sumagot nġ gayón ang mġa Judió, at sa caniya'y caniláng sinabi: ¿Hindi nġa magaling ang aming pagcásasabi, at icao ay isáng Samaritano, at mayroon cang isáng demonio?

49 Sumagot si Jesús aco'y ualang demonio: bagcús pa nġang binibigyan cong capurihan ang aquing Amá, at aco'y inyóng siniraan nġ puri.

50 At hindi co hináhanap ang aquing caloualhatian; may humáhanap nitó. at siyáng nahatol.

51 Ang catotohanan, ang

catotohana'y sinásabi co sa inyó, na ang gumanáp ng aking aral, ay hindi maquiquita magpacailan man ang camatayan.

52 Nang magcagayo'y sinabi ng mga Judío sa caniyá ngayo'y napagquilala, naming inaalihan ca ng demonio. Namatay si Abraham, at ang mga Profeta; at ngayo'y sinásabi mo: ang gumanáp ng aking aral, ay hindi matiticman magpacailan man ang camatayan

53 ¿Mahiguit ca pa bagá sa aming amang Abraham, na ito'y namatay? At namatay ang mga profeta. ¿Anó ang acalá, mo sa iyóng sarili?

54 Sumagot si Jesús: Cung aco'y pumúpuri sa aking sarili, ang pagpuri co'y ualang anoman; ang aking Amá ang siyáng pumúpuri sa akin; yaóng sinásabi ninyó sa inyóng Dios.

55 At hindi ninyó siyá naquiquilala, datapua't naquiquilala co siyá: at cung aking sabihin hindi co siyá naquiquilala, ay aco'y matutulad sa inyó, na sinungaling; datapua't naquiquilala co siyá, at ini-ingatan co ang caniyáng aral.

56 Guinagalac ang inyóng amáng si Abraham na maquita ang aking arao; naquita at natouá.

57 Nang magcagayo'y sinabi sa caniyá ng mga Judío: ualà ca pang limang puong taon, ¿at naquita mo na si Abraham.

58 Sinabi sa canilá ni Jesús: Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyó: bago ipinanganac si Abraham, ay aco na nga.

59 Nangagsicuha ng magcagayón ng mga bató upáng siya'y caniláng batohin, datapua't nagtagô si Jesús, at lumabas sa templo.

ICASIYAM NA CAPITULO

Pinadilat ni Jesús ang isáng bulág buhat sa panganganác sa caniya. Nangigbulong-bulungan ang mangá Fariseo sa guinauang tandang ito, at caniláng in excomunion ang bulág. Tinuruan ni Jesús ang bulág na ito, at sumampalataya sa caniya at siya'y sumambá.

1 At sa pagdaraan ni Jesús, ay naquita niya ang isáng lalaquing bulág mula pa ng siya'y ipangánac.

2 At itinanong sa caniya ng caniyáng mga alagád, at caniláng sinabi: Rabi, sino ang nagcásala, itó bagá ó ang caniyáng mga magulang upáng siya'y ipangánac na bulág?

3 Sumagot si Jesús: Ito'y hindi nagcásasala, at hindi rin nagcásasala ang caniyáng mga magulang: datapoua't ng mapagquilala sa caniya ang mga gauà ng Dios.

4 Quinacailangang aqing gauin ang mga gauà ng nag-utos sa aquin, samantalang may arao pa sapagca't dumaratíng ang gabí at cung gabí ualà sino mang macagauà.

5 Samantalang aco'y suma sa sanglibutan, acó ngà ang ilao ng sanglibutan.

6 Nang masabi itó, lumurà sa lúpà at pinapagputic ang

lurà, at pinahiran ng putic na yaon ang mga matá ng bulág;

7 At sinabi niya sa caniya: lumacad ca maghugas ca sa estanque ng Siloé, (sa macatouid bagá ay itó: Pinagutusan): at pumaroon ngà at naghugas, at nagbalic na nacacaquita na.

8 Nang magcágayon ang caniyang mga capit bahay, at ang mga tauong sa caniya'y nacacquita ng una na siya'y bulág, ay nangagsasabi. Hindi bagá itó ang umuupò, at nanghiingí ng limos?

9 At sinásabi naman nang ibá: Ito ngà; sinabi naman ng ibá: hindi, cung di nacacatulad lamang niya. Gayon may sinásabi niya: Acó ngà.

10 At sa caniya'y canilang sinabi: Paano ang pagcábucás ng iyóng mga matá?

11 Sumagot siya at nagsabi: Yaong lalaquing nagngangalang Jesús ay gumauà ng putic, at pinahiran itó ang aqing mga matá, at caniyang sinabi sa aquin: Pumaroon ca sa Siloé at maghugas ca: at aco'y napaaroon at aco'y naghugas, at aco'y tumangap ng paningín

12 Nang magcagayo'y sinabi nilá sa caniyá: ¿Saan naroon yaon? Sinabi niya: Ayuan.

13 Dinalá nilá ang mga Fariseo sa-táuong ng una'y bulág.

14 At arao ng Sábado ng gumauà ng putic si Jesús, at ng padilatin ang caniyang mga matá.

15 At mulíng tinanong na naman siya ng mga Fariseo cung paano ang pagcapadilat ng caniyang mga matá. At sinabi niya sa canilá: Nilaguan nang putic ang ibabao ng aquing mga matá, at naghugas acó, at nacacquita aco

16 Nang magcagayo'y sinásabi ng ilan sa mga Fariseo: hindi sa Dios ang táuong itó, sapagca't hindi nangingilin sa Sábado: Sinásabi ng mga iba: ¿Paano bagáng macagágauà ng mga tandang itó ang isáng táuong macasalanan? At sila sila'y nagcacaalit.

17 Mulíng sinabi nilá sa bulág: ¿At icaó, anó ang sábi mo tuncol sa caniya na sa iyo'y nagpadilat ng mga matá? At caniyang sinabi: Na siya'y profeta

18 Datapoua't hindi naniualá ang mga Judío sa caniya, na siya'y dating bulág, at ngayo'y pinadilat, hangáng sa canilang tinauag ang mga magulang ng pinadilat.

19 At sa canila'y itinanong nilá, at sinabi: itó bagá ang invong anác na lalaqui, ang sinásabi ninvong ipinangnanac na bulág? ¿baquit bagá cayà at nacacquita na?

20 Sa canila'y sumagot ang caniyang mga magulang at sinabi talastas naming itó ang aming anác na lalaqui, at siya'y ipinangnanac na bulág na;

21 Datapoua't cung siya'y nacacquita ngayon ay hindi namin nalalaman: at cung sino naman ang nagpadilat ng caniyang mga matá ay hindi rin namin nalalaman: siya'y may edad na; itanong ninyo sa caniya: siya'y macapagsasalitang mag-isá.

22 Itó ang sinabi nang caniyang mga magulang, sa pagca't sila'y natatacot sa mga Judío sa pagca't pinagcaisahan ng mga Judío, na sino man ang magpatotóo na siya ang Mesías, ay palayasin sa Sinagoga.

23 Cayà nga sinabi ng caniyang mga magulang: Mayroon ng edad siya; tanongin ninyo siya

24 Cayà nga't muli nilang tinauag ang táuong ng una'y bulág, at canilang sinabi sa caniya. Paunlacan mo ang Dios; talastas naming macasalanan ang táuong itó.

25 Ng magcagayo'y sumagot siya: at sinabi: Cung

siya'y macasalanan, at hindi co nalalaman: isáng bagay ang nalalaman co, na aco'y dating bulág, ngayo'y nacacaquita aco

26 At mulng sinabi nila sa caniya: ¿Anó ang guinawà sa iyo? ¿Paano ang pagcapadilat sa iyong mga matá?

27 Sinagot niya sila: Sinabi co na sa inyo, at hindi ninyo panoorin: ¿baquit ibig ninyong marinig uli? ¿Ibig bagá naman ninyong cayo'y maguing alagád niya?

28 At siya'y canilang minura at canilang sinabi: Paalagad ca sa caniya, sa pagca't camí mga alagád ni Moises.

29 Talastas naming nagsalita ang Dios cay Moises: datapoua't hindi namin nalalaman itó cung tagá saan.

30 Sumagot ang tauong yaon at sa canila'y sinabi: naririto ngâ ang caguilágui-lalás, na hindi ninyo nalalaman cung siya'y tagá saan, at gayon man ay pinadilat ang aquing mga matá.

31 Attalastas naming hindi paquiquingan ng Dios ang mgamacasalanan; datapoua't cung mayroong matatacotin sa Dios at guinagauà ang caniyang calooban, ito'y pinaquiquingan

32 Hindi naringig cailan man buhat ng lalangin ang

sanglibutan, napadilat ng sino man ang mga matá ng sinomang ipinangnanc na bulág na.

33 Cung ito'y hindi sa Dios galing, ay hindi macagagauà ng ano man.

34 Sila'y sumagot at sa caniya'y canilang sinabi: Ipinangnanc ca ngang tunay sa mga casalanan. ¿At icaó ang magtuturô sa amin? at siya'y pinalayas.

35 Naringig ni Jesús na siya'y pinalayas, at ng siya'y caniyang maquita, ay sinabi sa caniya: ¿Sumampalataya ca bagá sa Anac ng Dios?

36 Sumagot siya at sinabi: ¿Sino bagá, Panginoon, upang aco'y sumampalataya sa caniya?

37 At sinabi sa caniya ni Jesús. At naquita mo, at ang naquiquipag-usap sa iyo, siya ngâ

38 At sinabi niya: Sumasampalataya aco. Panginoon. At siya'y sinamba.

39 At sinabi ni Jesús: Acó, sa pagsisiyasat ay aco'y naparito sa sanglibutan, at ng ang mga hindi nacacaquita, ay pauang macaquita; at ang mga nacacaquita, ay mangâ bulág

40 Naringig itó ng ilang mga Fariseong naroroon, at sa caniya'y canilang sinabi: ¿Camí bagá naman ay pauang mga bulag din?

41 Sa canila'y sinabi ni Jesús cung cayó sana'y mga bulág, hindí sana cayó mag cacaroon ng casalanan; da- tapoua't ngayon sa pagca't sinásabi ninyo: Camí ay na- cacaquita; cayà ngà nana- tili ang inyong casalanan.

ICASAMPUONG CAPITULO

Mga talinhagang sabi tuncol sa mabuting pastor. at caniyang mga pag-aari: Naparoon si Jesus sa templo sa arao ng paghahain, at caniyang isinaysay na siya ang Mestas. Humauac ng batò ang mga Judío upang siya'y canilang batuhin na parang isang tatlong pusong na lumalait sa Dios, nguni't natira sa canilang camay ang mga batò sa tsang pangangatouiran niya.

1 Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyo na ang hindi pumasoc sa pintuan ng culungan ng mga tupa cung di umaakyat sa alin man lugar na iba, ang gayón ay tulisán at magnanacao.

2 Datapua't ang pumapasoc sa pintuan ay siya ngà ang pastor ng mga tupa.

3 Binubucsan ang gayóng tào ng tagá pagbantay nang pintò; at diniringig ng mga tupa ang caniyang tinig; at tinatauag ang caniyang mga tupa sa pangalan, at inilalahas sa labas ang caniyang mga tupa.

4 At pagcain ihahatid sa

labas ang caniyang sariling mga tupa, ay nangunguna sa canilá, at sumusunod sa caniya ang mga tupa sa pagca't naquiquilala ang caniyang tinig.

5 Datapoua't hindi silá susunod sa iba, cung di bagcús pang tatacas sa caniya; sa pagca't hindi naquiquilala nilá ang tinig ng mga iba.

6 Sinabi ni Jesús sa canilá ang talinhagang sabing itò; datapoua't hindi nilá napag-unaua cung aco yaong sa canila'y sinásabi.

7 Mulí ngang sinabi sa canilá ni Jesús: Ang catotohanan, ang catotohana'y sinásabi co sa inyo na aco ngà ang pintuan ng mga tupa.

8 Ang lahat nang mangá nauna sa aquing nagsiparito, ay pauang mga tulisan ngà at mga magnanacao; datapoua't hindi silá dininingig ng mga tupa.

9 Aco ngà ang pintò: at ang sa aquí'y pumasoc ay mapapacagaling; at papasoc, at lalabás, at macasu-

sumpong nang mga macacain.

10 Hindi pumaparito ang tulisan, cung di sa pagnacao at sa pagpatay, at sa paglipol: aco'y naparito at nang sila'y magcaroon nang buhay, at ng magcaroon ng saganang buhay.

11 Aco nga ang mabuting pastor ibinibigay ng mabuting pastor ang caniyang buhay sa mga tupa.

12 Datapoua't ang nagpapaupá at hindi ang pastor, na hindi caniyang pag-aari ang mga tupa naquiquitang dumarating ang lobo, at pinababayaan ang mga tupa at tumatacas; at maagao sa caniya nang lobo, at pinapangangalat.

13 Cayà nga tumáticas ang nagpapaupá sa pagca't upahan at hindi pinag-iingat ang mga tupa.

14 Aco nga ang mabuting pastor; at naquiquilala co ang aquing mga tupa at ang aquing mga tupa ay naquiquilala aco;

15 Cung paano ang pagcaquilala sa aquin ng Amá gayon din naman ang sa Ama'y pagcaquilala co; at inilalagay co ang aquing buhay dahil sa mga tupa.

16 At mayreon din naman acóng ibang mga tupa na hindi sa culungang itó: ang mga iyon ay nararapat din

namang dalhin, at caniláng diringuin ang aquing tinig; at magcacaroon ng isáng cauan at isáng pastor.

17 Dahil dito'y sinisintá aco ng Amá, sa pagca't ibinibigay co ang aquing buhay at ng upáng cunin ulí.

18 Sino ma'y ualang umáalis sa aquin ng búhay, cung di cusá cong ibinibigay: sapagca't may capangyarihan acóng ibigay ang búhay na iyan, at may capangyarihan acóng mulí cong cunin. Tinangap co ang cautusang itó sa aquing Amá.

19 At mulíng nagcaroon ng pagtatalo ang mga Judío dahil sa mga salitang itó.

20 At sinásabi ng marami sa canilá: Siya'y inaalihan ng demonio at nasisirá ang caniyang bait: ¿baquit pa ninyo siya dinirinig?

21 Sinásabi ng mga íbá: Hindi sa inaalihan ng demonio ang mga panáanalitang itó: ¿taari bagáng magpadilat ng mga matá ng mga bulág ang demonio?

22 At guinágauá sa Jerusalem ang fiesta ng paghaharí, at niyao'y tag-ulan.

23 At naglalacad si Jeús sa templo; sa pintuan ni Salomon.

24 At quinubcob siya ng mga Judío, at sa caniya'y caniláng sinabi: ¿Hangang cailan pa bagá bibiguan

mong caguluhan ang aming caloloua? (ung icaò ngâ ang Cristo, sabihin mong mali-uanag sa amin.

25 Sinagot silá ni Jesús: Sinabi co na sa inyo, at hindi cayo nangagsisisampalataya: ang mġa gauang guinágauâ co sa pangalan nang aquing Amâ ang siyang nagpapato-tóo sa aquin

26 Datapoua't hindi cayo sumasampalataya, sapagca't hindi ngâ cayo sa aquing mġa tupa

27 Dinfringig ng aquing mġa tupa ang aquing tinig, at sila'y aquing naquiquilala, at sila'y sumusunod sa aquin;

28 At sila'y binibiguan co ng ualang hangang buhay at cailan ma'y hindi sila mamatay at hindi sila aagauin nang sino pa man sa aquing camay.

29 Ang aquing Amâ na sa canila'y nagbigay sa aquin ay pangulo ngâ sa lahat: at sino ma'y hindi sila maagao sa camay ng aquing Amâ.

30 Acó at ang aquing Amâ ay iisá.

31 Ng magcagayo'y tumangnan uli ng mġa bató ang mġa Judío upang siya'y canilang batohin.

32 Sinagot silá ni Jesús, maraming mabubuting gauâ ng aquing Amâ. na ipinaquita co sa inyo, at alin sa mġa gauang iyan ang

cadahilanan nang pagbató ninyo sa aquin?

33 Sinagot siya ng mangâ Judío, at canilang sinabi: hindi sa magaling na gauâ, cayâ ca namin binaható, cung hindi sa iyrng pamumusong; at sa pagca't ng dídiosdiosang ca, bagáman icaò ay táuo.

34 Sinagot sila ni Jesús: hindi bagá nasusulat sa inyong cautusan. Aquing sinabi: mġa dios bagá cayo?

35 Cung tinatauag na mġa dios yaong mġa pinagsabihan ng mġa uicâ ng Dios, (at hindi mangyayaring sirain ang casulatan).

36 Sinasabi ninyo doon sa pinabanal ng Ama, at inutusan sa sanglibutan icaò'y nang-lalait pagca't sinabi co: Acó ngâ y Anac ng Dios?

37 Cung di co guinágauâ ang mġa gauâ ng aquing Amâ ay huag ninyo acóng sampalatayanan.

38 Datapoua't cung guinágauâ co ang mġa gauang ivan, cahit hindi cayo sumampalataya sa aquin, sumampalataya cayo sa mġa gauâ, upang mapagquilala ninyó at sumampalataya cayo na ang Amâ ay sumasa-aquin at aco'y suma sa Ama.

39 At mulng pinagsisicapan nila na siya'y hulihin; datapoua't siya'y tumacas sa canilang mġa camay.

40 At siya'y bumalic sa daco roon ng Jordan, doon sa lugar na ng una ay pinagbibinyagan ni Juan at siya'y tumirá roon.

41 At marami ang pumaparon sa caniya at canilang

sinasabi: Ang catotohanan ay si Juan ay hindi gumaua ng anó mang tandà nguni't pauang catotohanan ang lahat ng sinabi ni Juan tuncol dito.

42 At marami ang sumamalataya sa caniya roon.

ICALABING-ISANG CAPÍTULO

Pagcabuhay na mag-ulà ni Lázaro: Pagpupulong ng mga pontifice at ng mga Fariseo, na doo'y ipinasiya ang pagpatay cay Jesus, at nararapat mamatay ang isá dahil sa marami: Lumipit si Jesús-Cristo sa Ephraim ciudad ng Galilea.

1 Nagcataon ngang may saquit ang isá na nagnangalang Lázaro na tagá Betania na bayan ni María at ni Martang caniyang capatid.

2 (At si María na may capatid cay Lázarong may saquit, ay siyang nagpahid sa Panginoon ng ungüento, at pinatuyò ang caniyang mga paá ng canivang mga buhóc.)

3 Pinasugúan ngá siya ng mga capatid na babaye ni Lázaro, at sa caniya'y si nabi: Panginoon, nárito, at yaong iyóng ini-ibig ay may saquit.

4 Nguni't pagcarinig ni Jesús ay sinabi: Ang saquit na

iyán ay hindi sa pagcamatay cung di sa ica-luloualhat ng Dios, upáng ang Anác ng Dios ay papurihan dahil sa caniya.

5 At ini-ibig ni Jesús si Marta, at ang caniyang capatid na babaye, at si Lázaro.

6 Nang marinig ngá, na may saquit, tumira pang dalauang arao sa dating quinalalaguian.

7 Sacá pagcatapos nitó, sinabi sa caniyang mangá alagád: Tayo ulà sa Judea.

8 Sinabi sa caniya ng mangá alagád: Rabí, ngayo'y pinagpipilitan ng mga Judílong batuhin ca; (At muli cang paroroon?)

9 Sumagot si Jesús: (di ba ang arao ay may labing dalauang oras? Ang lumalacac ng arao ay hindi natitiso; sa pagca't naquiquita ang ilao ng sanglibutang itó.

10 Nguni't ang tauong lumá-lacad ng gabí ay natitísod; sa-pagca't ualang ilao sa caniya.

11 Ng masabi itó sinabi sa canilá pagcatapos: si Lázarong ating caibigan ay natutulog; nguni't aquing guiguisingin siya sa caniyáng pagcátatulog.

12 Sinabi ngà ng caniyáng mangá alagád: Panginoon, cung natutulog ay gagalíng sa saquí.

13 Datapoua't itóng siná-sabi ni Jesús ay ang caniyáng pagcamatay; at ang sinásapantahá nilá ay ang sinásabi ay ang pagcacágu-piling sa pagtulog.

14 Ng magcagayo'y n, ngà sinabi sa canilá ni Jesús ng malinao: si Lázaro'y namatay.

15 At iquinagalác cò dahi sa inyo rin, na acó'y ualá roon, upáng cayo'y maniualá. Tayna sa caniya.

16 Ng magcagayo'y sinabi ni Tomás na tinátauag na Dídimó, sa mga capóá niya alagád: Tavo namán ay pumaroon at ng tayo'y maparamaysa pagcamatáy niya.

17 Dumating ngà si Jesús at nasunduan niyan; may apat ng rao na nasasa libingan.

18 At ang Bethaní'y malapit sa Jerusalem ng may labíng limáng estadio. (1)

19 At marami sa mang

Judío ay nagsiparoon cay Marta at cay Maríá upáng sila'y aliwín bagay sa caniláng capatid na lalaqui.

20 Si Marta ngà ng má-rinig na si Jesús ay duma-rating sinalubong niya; nguni't si Maríá y natirang na caupò sa bahay.

21 Atsinabi ni Marta cay Jesús: Panginoon cung icao sana'y nárito ang capatid cong lalaqui ay hindi namatay.

22 Gayon ma'y nalalaman co rin ngayon na ang la-hát mong hingín sa Dios, ay ipagcácaloob sa iyó ng Dios.

23 Sinabi sa caniya ni Jesús: Mabubuhay na mag-ulí ang iyong capatid na lalaqui.

24 Si Marta'y nagsabi sa caniya: Nalalaman co na mabubuhay ulí sa pagcabuhay na mag-ulí sa hulíng arao.

25 Sinabi sa caniya ni Jesús: Acó ang pagcabuhay na mag-ulí at cabuhayan ang sumampalataya sa aquin bagá ma't patay, ay mabúbuhay.

26 At ang lahat na nabúbuhay, at sumásampalataya sa aquin, hindi mamámatáy magpacailan man: Sinásampalatayanan mo itó?

27 Sinabi niva: Oo, Panginoon, sumasampalataya acó na icao ang Cristo, ang Anác ng Dios, na naparito sa sang-libutan.

(1) Estadio mabigat ng sandat sa calubating leguas.

28 At ito'y ng masabi, umalis at tinauag ng lihim si Mariang caniyang capatid at sinabi: Ang Maestro ay narito at tinatauag ca.

29 Ng marinig niya ito, pagdaca'y nagtindig agad at pumaroon sa caniya.

30 (At hindi pa dumarating si Jesús sa bayan cung di doon lamang naroroon sa lugar na quinasalubungan sa caniya ni Marta.)

31 Anó pa't ang mga Judío nga na nasasa bahay na caniyang casama, at siya y iná-alio, pagcaquitang si María ay nagtindig na nagmadall, at umalis, ay nangagsisunod silá, na sinasabi: Paroroon siya sa libingan at upang doo'y tumanngis.

32 Datapouat si María, sapagca't naparoon sa quinalalaguan ni Jesús, pagcaquita niya'y nagpatirap sa caniyang mga paa, at sinabi sa caniya: Panginoon, cung icao sana'y naparito, ay hindi namatay ang aqing capatid.

33 Si Jesús nga, ng maquitang siya'y tumatangis, at gayon din ang mga Judíong nangagsidating na casama niyang nagsisitangis, ay nalaguim siya sa caniyang espiritu at siya'y nagolomihan.

34 At sinabi: Saan ninyo siya, inilagay? Sinabi nilá

sa caniya: Panginoon halica at tignan mo.

35 At tumanngis si Jesús.

36 Ng magcagayo'y sinabi ng mga Judío; Tignan ninyo cung gaano ang pagibig sa caniya.

37 At ang ilan sa canilá ay nagsipagsabi: Hindi bagá magágauá nitó na nagpadilat ng mga matá ng bulág ay gauing ito'y huag matamay?

38 At si Jesús na muling nalaguim sa caniyang sarili, naparoon sa libingan: na isáng yungib na mayroong isáng bató sa ibabao.

39 Sinabi ni Jesús: Alisin ninyo ang bató. Si Marta na capatid ng namatay, ay nagsabi sa caniya: Panginoon, mabahô na, sa pagca't may apat nang arao.

40 Sinabi sa caniya ni Jesús: Di ba sinabi co. sa iyó na cung icao ay sumampalataya, ay maquiquita mo ang caloualhatian ng Dios?

41 Ini-alis nangá nilá ang bató. At itinaas ni Jesús ang caniyang mga matá, sa langit, at sinabi: Amá nagpapasalamat acó sa iyó na aco'y iyóng diningig.

42 Na nalalaman co na aco'y laguí mong dinringig: nguni't sinabi co dahil sa caramihang nangaririto upang sila'y sumampalataya na aco'y iyóng sugô.

43 At pagcásabing gayon, ay sumigao ng malacás: Lázaro lumabas ca.

44 At ang namatay ay lumabás; na natátalian ang mga camay at mangá paa ng pamigquis; at ang caniyang muc-hà ay nababalot ng isáng cumot. Sinabi sa caniya ni Jesús: siya'y inyóng calagán at bayaan ninyo siyang umalis.

45 Cayat ang marami sa mga Judío na nangagsiparoon cay María, na nangacacuita ng guinauà ni Jesús ay nagsisampalataya sa caniya.

46 Ngunit ang ibá sa canilá ay nangagsiparoon sa mangá Fariseo at sinabi nilá ang guinauà ni Jesús.

47 Nang magcagayon ang mangá pontífice at ang mangá Fariseo ay nangagsigauà ng isáng pulong; at caniláng sinásabi: ¿Anóng ating guinagauà? sapagca't ang táuon itó ay gumágauà ng maraming tandà.

48 Cung siya'y ating pabayaang gayon, ang lahát ay mangagsisampalataya sa caniya; at mangagsisiparito ang mangá Romano, at pag-aa-alisin ang ating lugar at ang nación.

49 At si Caifás, isá sa canilá, na daquilang pontífice nang taóng yaon, sinabi sa canilá: Cayó ay ualang nalalaman.

50 Hindi man lamang ninyo ini-isip na sa atin ay nararapat na ang isáng táuon ay mamatay sa bayan, at hindi ang boong nación ay maualà.

51 Ngunit itó ay hindi sinabi sa caniyang sarili; cung hindi, sapagca't daquilang pontífice nang taóng yaon, humulá na si Jesús ay mamamatay sa nación:

52 At hindi lamang dahil sa nacióng yaon, cung di naman nang matipon sa isá ang mangá anác nang Dios na nangacacalat.

53 Cayat mulá nang arao na yaon magcacasámang nagsasangunian sa pagpatay sa caniya.

54 Cayat si Jesús ay hindi na naglálacad nang hayag sa mga Judío; bagcús naparoon sa lupang carugtong nang parang, sa isáng ciudad na tinatauag na Ephraim; at nanirahandoong casama ang caniyang mga alagád.

55 At ang Pascua nang Judío ay malapit na: at maraming nangagsi-aquiat sa lupang yaon sa Jerusalem bago nag pascua, upáng mangagsipaglinis.

56 At pinaghahanap nilá si Jesús, at pinagsalisalitaan ng isa't isá ng mangá sa templo: ¿Anó ang inyong acalá hindi cayà paririto sa fiesta?

57 At ang mang'a ponti- | sino ang nacáca alam cung
fice at ang m'ga Fariseo ay | saan naroroon ay magpaha-
nangagsipag-utos, na cung | yag ng siya'y maipadaquip.

ICALABING DALAUANG CAPI! ULO

Pag-aalay nang isáng hapunan sa Bethania cay Jesús, nang sa calahatan ay si Mariang capatid ni Lázaro ay nagbuhos nang mabangô at mahalagang bálsamo ô langis sa idabao nang mang'a paa nang Panginoon: Pagsisicap nang mang'a Judio sa pagpatay cay Lázaro. Pagdidinang sa pagpasoc ni Jesús sa Jerusalem: ang ibang mang'a guinoong-táuo na mang'a gentil ay ibig maquipag usap sa caniya at sa mang'a dahilang itô ay nagpahayag si Jesús na sa pagcatapos nang pagcamatay niya ay huag magcaroon nang bungô sa cantcanilâ: marami sa mang'a guincong Judio ang sumampalataya, nguni't hindi macopangahâs na ipahayag sa guitnâ nang Sinagoga.

1 At si Jesús anim na arao bago nag-Pasqua, naparoon sa Bethania na quinatitirahan ni Lázarong namatay, na binuhay ulli ni Jesús sa mang'a patay.

2 At iguinawâ siya riyang nang isáng hapunan at si Marta'y nag-lilingcod, at si Lázaro'y isâ sa nangacaupô sa dulang na casama niya.

3 Nang magcagayon si Marta'y cumuha nang isáng libra nang ungüento na narodong lusao na may malaking halagâ, at binuhusan ang mang'a paa ni Jesús at nilinis ang caniyang mang'a paa nang caniyang mang'a buhoc: at ang bahay ay napuno sa amoyn nang ungüento.

4 At sinabi nang isâ sa caniyang m'ga alagâd, si Judas Iscariote, ang siyang sa caniya'y magcâcanulô:

5 Baquit hindi niya ipinagbili ang ungüentong itô nang tatlong daang peseta at ibinigay sa m'ga duc-hâ?

6 Nguni't sinabi man niva itô, hindi sa pag-iingat niya sa mang'a duc-hâ, cung hindi sapagca't tulisán at na sa caniya ang supot at dalâ niya ang doon ay inilalagay.

7 Caya't sinabi ni Jesús: Pabayaan mo iyan para sa caaraoan nang paglilibing sa aquin itinagô itô.

8 Sapagca't ang mang'a duc-hâ, ay laguing nasa sa inyô, nguni't acô ay hindi laguing na sa sa inyô.

9 Caya't maraming mang'a Judío ang nangaca-alam na siya'y, naririyán: at nangagsiparoon, ay hindi lamang dahil cay Jesús cung di naman nang maquita si Lázaro na nabuhay na mag-ulí sa mang'a patay.

10 Nagsangunian din naman ang mang'a príncipe nang mang'a sacerdote, na patayín din naman si Lázaro:

11 Sapagca't marami sa mang'a Judío ay nangagsisiparoon at nangagsisipani-ualá cay Jesús dahil sa caniya.

12 Sa sumunod na arao ang caramihang táuo'y nangagsiparoon sa caaraon nang fiesta, sapagca't nangarinig na si Jesús ay pasá sa Jerusalem,

13 Nangagsicuha nang mang'a palapá nang mang'a niog at nangagsisilubong sa caniya, at nagsisigauan nang Hosanna! Purihin ang pu-máparito sa pangalan nang Panginoon, ang Harí sa Israel.

14 At nacasumpung si Jesús nang isáng asnong maliit: at caniyang sinaquian, gaya nang nasusulat:

15 Huag cang matacot, babayeng anác sa Sión; nárito ang iyóng Harí't dumating na nacasacay sa isáng anác nang asnong babaye.

16 Ang mang'a bagay na itó ay hindi napag-intindihan

nang caniyang mang'a pang-unang mang'a alagád: nguni't nang si Jesús ay lumoualhati na, ay caniláng na ala-ala na ang mang'a bagay na itó ay na isulat niya at sa caniya ay caniláng guinauà ang mga bagay na itó.

17 At caramihan ngang casama niya, nang tauaguin si Lázaro sa libingan, at siya'y buhaying mag-ulí sa mang'a patay. ay siyang mang'a nagpapatotoo.

18 Cayà naman nagsiparito ang mang'a táuo upáng siya'y salubungin sapagca't nangarinig na si Jesús ay gumauà nang tandang itó.

19 Nguni't ang mang'a Fariseo ay nangagsalitaan sa caní-caniláng sarili: Naquita na ninyo di ualà cayóng mapapaquinabang? nárito ang sang-libutan ay sumusunod sa caniya.

20 At mayroon namang mang'a Griego na nangagsisiquiat na sumambá sa cafiestahan.

21 Ito ngà ang mang'a nagsidating cay Felipe, na tagá Bethsaida sa Galilea, at nagsisipamanhic sa caniya na sinásabi: guinoo, ibig sana naming maquita si Jesús.

22 Naparito si Felipe, at sinábi cay Andrés: si Andrés at si Felipe ngà ay nangagsipagsabi cay Jesús.

23 Sinagot ngà silá ni Je-

sús, na sinásabi: dárating ang panahon at oras na ang Anác nang táuo ay luloualhati.

24 Ang catotohanan, ang catotohanan ay sinásabi co sa inyo na cung ang butil nang trigo ay hindi mahulog sa lupâ, at mamatay, siya lamang ang natitirá; nguni't cung mamatay, nagdadala nang maraming bunga.

25 Ang umiibig sa caniyang buhay, ay mauualán nang buhay; at ang tumatanguésa caniyang buhay sa sanglibutáng itó, sa buhay na ualang hangan matatagó

26 Cung sino man sa aquin ay naglilingcod, ay sumunod sa aquin: at cung saan acó naroroon diyan naman naririyang ang naglilingcod sa aquin. Cung sino mang sa aquin ay maglilingcod pupurihin nang aquing Amá.

27 Ngayon ay nagugulomihan ang aquing caloloua: at anó ang aquing sasabihin? Amá iligtas mo acó sa oras na itó? Nguni't itó ang cadahilanan nang ipinarito co sa oras na itó.

28 Amá loualhatiin mo ang pangalan mo. Nang magcagayon ay nagbuhat ang isáng tinig sa langit: at siya'y niloualhati, at muli co siyang loloualhatiin.

29 At ang mangá tauong

nangahaharap at nangacá-ririnig, sinásabi na naging culóg. Sinásabi naman nang mangá ibá: Angel ang naquipag-usap sa caniya.

30 Sumagot si Jesús, at sinabi: Hindi naparito ang tinig na itó dahil sa aquin, cung di dahil sa inyo.

31 Ngayon ang pasiyan sanglibutáng itó; ngayon ang príncipe nang sanglibutáng itó ay ilalabas.

32 At acó cung matindig sa lupâ, ang lahát ay dadalhin co sa aquin din.

33 At ito'y sinásabi na ipaalam na cung sa anóng camatayan mamamatay

34 Sinagot siya nang caramihan: Aming nangarinig sa cautusan: Na ang Cristo ay lumalagui magpacailan man: paano ngá ang sábi mo: Nararapat na ang Anác nang táuo ay magtindig? Sino ang Anác na itó nang táuo.

35 Nang magcagayon ay sinabi sa canilá ni Jesús: Caunting panahon na lamang mangagcacarocng cayo nang ilao: cayo'y mangagsilacad samantalang cayo'y may ilao, nang hindi cayo gulatin nang mangá cadiliman. sapagca't ang lumalacad sa mangá cadiliman, ay hindi nalalaman cung saan tutungo.

36 Samantalang nangá sa sa inyo ang ilao mangagsi-

sampalataya cayó sa ilao, ng cayó ay maguing mangá anác nang ilao. Ang mangá bagay na itó, nang mauicá na ni Jesús, ay umalis at nagtagó sa canilá.

37 Nguni't bagá-manguinauá sa harapan nilá ang maraming mġa tandà, ay hindi nangagsisampalataya sa caniya:

38 Upáng matupad ang sinaysay nang manghuhulang si Isaias: Panginoon, ¿Sino ang naniualá sa ating salitá? ¿at ang camay nang Panginoon ay canino ipinahayá?

39 Caya't hindi marġa macá sampalataya, sapagca't mulíng sinabi ni Isaias:

40 Binulag ang caniláng mangá matá, at pinatigas ang caniláng púsò; nang hindi mangá quita nang mangá matá, at matalastas sa púsò, nang mangagbalic loob at sila'y mapagalíng co.

41 Ang mangá bagay na itó ay sinabi ni Isaias, nang maquita ang caniyang caloualhatian, at sinalitá siva.

42 Gayon man pati sa mġa guinoong tauo ay maraming nangagsisampalataya sa caniya; nguni't bagay sa mangá Fariseo hindi nila ipinahahayag nang huag siláng mapa-alis sa Sinagoga.

43 Sapagca't ini-ibig pa ng higuít ang caloualhatian ng mġa tauo sa caloualhatian ng Dios.

44 Datapoua't si Jesús ay humiyao at nagsabi: Ang naniualá sa aquin, ay hindi sa aquin naniualá, cung di sa nag-sugó sa aquin.

45 At ang tumitingín sa aquin, tumitingín sa nag-sugó sa aquin.

46 Acó ang ilao na naparito sa sanglibutan, nang yaong lahat na nangagsipaniualá sa aquin, ay huag mangalaguf sa mġa cadiliman.

47 At ang maquiníng nang aquing mġa pananalitá, at hindi mangagsipaniualá, hindi co mahuhucoman: sapagca't hindi ang ip naritoco'y hucoman ang sanglibutan cung di iligtas ang sanglibutan.

48 Ang nagtatacuil sa aquin at di tinatangap ang aquing mġa pananalitá, mayro'ng macahahatol sa caniya: ang pananalitang aquing ipinangusap, siyang sa caniya'y hanatol sa hulíng arao.

49 Sapagca't aco'y hindi naquipag-usap sa aquing sarili: cung hindi ang aquing Amá na sa aquin ay nagsugó siyang sa aquin ay nagbi-gay nang utos nang aquing sasabihin at ipinangusap.

50 At nalalaman co na ang caniyang utos ay buhay naualang catapusan: caya't ang ipinangusap co, cung anó ang sinabi sa aquin nang Amá gayon ang ipinangusap co.

ICALABING-TATLONG CAPÍTULO

Huling pag-hapon ng Panginoon: pag-huhugas ng mga paá sa caniyáng mga alagád; pag-papaquilala sa caniyang minda-mahal, na alagad cung sino ang sacaniya'y macácanulò; at pag-papasimula ng huling pangaral sa guinauà nitya sa caniyang mga apostol ng huling gabing siya'y napipit sa bilangúan, at pagtatagobilen ng itoong mahigpit, cay sa ibáng mga bagay, ng pag-ibig sa Dios at sa capoa tauo, at paghula sa pagtatoua ni Pedro.

1 Bago dumating ang fiesta ng Pascua ay nalalaman na ni Jesús ang caniyang oras ay dumating na at siya'y lilipat na buhat sa sang-libutáng itó hangang sa caniyang Amá, sapagca't inf-ibig ang mga caniyá na nangá sa sang-libután, inf-ibig naman silá hangang sa catapusan.

2 At ng natatapos ang pag-hapon, sapagca't ang diablo'y nasoc na sa pusò ni Judas Iscariote, ando ni Simon, na siya'y ipagcanulò;

3 Sa pagcatalastas ni Jesús na inilagay ng Amá ang lahát ng bagay sa caniyáng camay, at nanalis sa Dios at sa Dios din siya paroroon,

4 Nagtindig sa pag-hapon, at inalis ang caniyáng damít, at cumuha ng isáng

toualla, at ibinigquís sa bayuang.

5 Pagcatapos ay nag-lagay ng tubig sa isáng palangana at pinasimulan ang paghugas sa mga paá ng caniyáng mga alagád, at ang paglilinis sa canilá ng toualla na sa caniyá ay nabinigquis.

6 Ng magcagayon nga'y naparoon na cay Simon si Pedro: ngunit si Pedro ay nagsabi sa caniyá: Panginoon, jicao ang maghuhugas ng aquing mga paá?

7 Sumagot si Jesús, at sa caniya'y sinabi: Ang guinagauà co, ay hindi mo nalalaman ngayon; datapouat malalaman mo pagcatapos.

8 Sinabi sa caniya ni Pedro: Huag mo ng hugasan ang aquing mga paá cailan man. Sinagot siya ni Jesús: cung hindi quita huhugasan, hindi ca magcácaroon ng bahagui sa aquin.

9 Sinabi sa caniya ni Simón Pedro: Panginoon, hindi lamang ang aquing mga paá, cung di patí ng aquing mangá camay, at sampuò ng aquing ulo.

10 Sinabi sa caniyá ni Jesús: Ang nahugasan ngá, ualang cailangan cung hugasan ang mga paá, na

cung magcágayon ay malilinis na lahát. At cayó ay malilinis na, bagá man at dí lahát.

11 Sapagca't nalalaman cung sino ang sa caniya'y magcácanulò; caya't sinabi: Hindi cayóng lahátaymalinis.

12 Caya't ng mangahugasan na ang mğa paá nilá, at macuha ang caniyang damít muling naupò sa dulang, at sa canila'y sinabi: ¿Nalalaman ninyó ang guinauà co sa inyo?

13 Tinatauag ninyo acóng Maestro at Panginoon; at mabuti ang inyóng sinásabi sapagca't acó ngá:

14 Cung acó ngá na Panginoon at Maestro, ay naghugas ng inyong mğapaá, cayó namán ay nararapat maghugas ng mğa paá ngiba't ibá.

15 Sapagca't ang halimbauang sa inyo'y ibinigay co, cung anó ang guinauà co sa inyo ay siya namang ninyóng gauin,

16 Ang catotohanan, ang catotohanan ay sinásabi co sa inyo: Ang alipin ay hindi mataas sa caniyáng panginoon; ang inutusan man ay hindi mataas sa nag-utos sa caniyá.

17 Cung nalalaman ninyó ang mğa bagay na itó, cayó ay mapapalad cung inyóng gauin.

18 Hindi co sinásalitá sa

inyóng lahát; nalalaman co angaquinngang pinili: nguní at ng matupad ang casulatan: ang casama cong cumacain ng tinapay, itinindig na laban sa aquin ang caniyáng sacong.

19 Ngayon pa'y sinásabi co sa inyo bago mangyari, na cung mangyari na, cayo ay maniuálá ngang acó.

20 Ang catotohanan, ang catotohanan ay sinásabi co sa inyo na ang tumatangap sa aquing inutusan, ay acó ang tinatangap, at ang tumatangap sa aquin, ay tinatangap ang nag-utos sa aquin.

21 Ng itó ay masabi ni Jesús, nagulomihanan sa espiritu; at pinatotohanan, at sinabi: Ang catotohanan, ang catotohanan ay sinásabi co sa inyo, na acó'y ipagcácanulò ng isá sa inyo.

22 Ng magcágayon ang mğa alagád ay nagtingintinginan na nag-alanganin ang isip nilá cung canino sinásabi.

23 At Isá sa caniyáng mğa alagád, na int-ibig ni Jesús ay nacahilig sa sinapupunan ni Jesús.

24 Itó ngang si Simon Pedro, ang nagtanóng cung sino yaong caniyáng sinásabi.

25 Siya'y nacahilig (gaya ngá noong pagcá-lagay niya) sa dibdib ni Jesús nagsabi sa caniya: Panginoon ¿sino?

26 Sumagot si Jesús: Yaon n̄gang aqing biguian n̄g bas̄ang tinapay: at n̄g mas̄ang ang tinapay, ay ibinigay n̄g cay Judas na *anac* ni Simón Iscariote.

27 At pagcatapos na maisubô, si Satanás ay nasoc sa caniya. N̄g magcagayon ay sinabi sa caniya ni Jesús: Ang guinágaua mo, ay gauin mong madali.

28 Nguni at sino man sa nanḡa sa sa dulang ay di nacaalam cung baquit sinabi sa caniya itó.

29 Sapagca't ini-isip nang m̄ga iba, aysapagca't si Judas ang may tangaan n̄g supot, caya't sinabi ni Jesús sa caniya: Bumili ca n̄g ating m̄ga cailangan sa fiesta; ó magbigay n̄g caonti sa m̄ga duc-ha.

30 N̄g caniya n̄gang malulón ang sa caniya ay isinubô, siya n̄g ay umalis, at gabí na.

31 N̄g siya nama'y macaalis, sinabi ni Jesús: N̄gayon aylumoualhati ang Anac n̄g tauo, at ang Dios ay lumoualhati sa caniyá.

32 Cung ang Dios ay lumoualhati sa caniya siya naman ay loloualhati n̄g Dios sa caniyang sarili, at pagcatapos siya'y luloualhati.

33 M̄ga anac matitira pa acó sa inyó n̄g caonti Aco'y inyong hahanapin; data-poua't gaya nang sinabi co sa m̄ga Judó: Ang paroroonan co ay hindi ninyo maparoonan; gayon ang sinásabi co sa inyó n̄gayon.

34 Isang bagong utos ang sa inyó ay ibibigay co. Na cayo'y mangag-ibigan. gaya, n̄g pag-ibig co sa inyó, na ibiguin naman ninyo ang isa't isá.

35 Sa ganitó mangaquiquilala nang lahat na cayo ay aqing m̄ga alagad, cung cayo ay mangagcacaroon n̄g pag-iibigan sa isa't isá.

36 Sinabi sa caniyá ni Simón Pedro: Panginoon, saan ca paroroon? Sinagot siya ni Jesús: sa paroroonan co ay di mo acó masusundan n̄gayon; nguni at pagcatapos macasusunod ca sa aquin.

37 Sinabi sa caniya ni Pedro: Panginoon, baquit hindi acó macasusunod sa iyó n̄gayon? ang aqing calouloua'y ilalagay co sa sa iyó.

38 Sinagot siya ni Jesús: ang calouloua mo ay iyong ilalagay sa aquin? Ang catotohanan ang catotohanan ay sinásabi co sa iyó, na hindi titilaoc ang manoc hanga't di mo acó naicacailang maca-itlo.

ICALABING-APAT NA CAPÍTULO

Paghabatuloy ng pangngaral ni Jesús, pagca-abilan: sundall sa tanong ni Simon Pedro: pag-alio sa mga alagad niya na sa canila'y sinabi na siya ang daan, ang catotohanan at ang buhay; at na sa Amá at ang Amá sa caniya: ipina-ngacong isusugo sa canila ang Espiritu Santo at bibigui in sila ng cabayapaan at pagtibayin ang cagamitan sa canilang paglacad.

1 Huag mangambá ang inyóng mga pusô: sumasampalataya cayó sa Dios, sumampalataya naman cayó sa aquin.

2 Sa bahay ng aquing Amá maraming mangatatahanan; sa ibáng paraan sinabi co nangá sa inyo: magháhandà ngá acó ng lugar para sa inyo.

3 At cung aco'y pumaroon at cayó ay maipaghandà co ng lugar, mulíng paririto acó at cayó ay cucunin co ng aquin ding sarili; ng cung saan acó naroroon, cayó naman ay dumoon.

4 At nalalaman ninyo cun saan acó paroroon at nalalaman ninyo ang daan.

5 Sinabi sa caniya ni Tomás: Panginoon, hindi namin nalalaman cun saan ca paro-

roon (paano ngang malalaman namin ang daan?

6 Si Jesús ay nagsabi sa caniya: Acó ang daan, at ang catotohanan, at ang buhay: sino man ay di macaparoroon sa Amá cung di sa aquin.

7 Cung acó ay nangaquiquilala ninyo sa aquin mang Amá ay mangaquiquilalalarin ninyo acó: at buhat ngayon siya'y inyong naquilala, at siya'y inyóng naquita.

8 Sinabi sa caniya ni Felipe: Panginoon iturô mo sa amin ang Amá at sucat na.

9 Sinabi sa caniyá ni Jesús: Malaon ng panatong aco'y inyong quinacasama ay hindi mo acó naquilala, Felipe? Ang nacáquita sa aquin ay nacáquita sa Amá. Baquit ngá ang uicá mo; ituturô mo sa amin ang Amá?

10 Hindi ca naniniualà na aco'y na sa Amá, at ang Amá'y na sa aquin? Ang panáanalitang aquing sinásalitá sa inyo, hindi co sinásalitá sa aquing sarili: datapoua't ang Amá na nasa sa aquin, siya ang gumagauá.

11 Maniualà cayó naaco'ysa Amá, at ang Ama'y sa aquin; sa ibáng paraan maualà cayó sa mga gayon ding gauá.

12 Ang catotohanan, ang catotohanan ay sinásabi co sa inyo na ang sa aquin ay manualá, ng mga gauang aquing guinágauá siya man ay macagagauá, at mahiguit pa sa rito ang magagauá sapagca't aco'y sa Amá.

13 At ang lahát ninyong hingín sa Amá sa aquing pangalan siya cong gagauin; upang ang Amá ay lumoualhat sa Anác.

14 Cung mayroon cayóng hingín sa pangalan co, aquing gagauín.

15 Cung aco'y inyóng iibig, susundin ninyo ang aquing mga utos;

16 At aquing idadalangin sa Amá, at cayo'y bibiguan ng ibang Mang-aalio, nang sumainyó sa boong panahon;

17 Sa Espíritu ng catotohanan ay hindi matatangap ng sang-libután sapagca't di siya naquiquita, ni hindi siya naquiquilala; nguni't siya'y naquiquilala ninyo, sapagca't nasa sa inyo, at sa sainyo.

18 Hindi co cayó iiuang mga ulila; sasainyo acó.

19 Caunt pang panahon, at di na acó naquiquita ng sang-libután; nguni't cayo'y macacaquita sa aquin: sapagca't acó ay buháy, at cayo naman ay mangabubuhay.

20 Sa arao na yaon mangaquiquilalala ninyong acó

ay na sa aquing Amá, at cayó ay sa aquin at aco'y sa inyo.

21 Ang may simpan nang aquing mga utos at mangatinitupad, yaon ang umi-ibig sa aquin, at ang umi-ibig sa aquin, ay iibiguin ng aquing Amá, at aco'y iibig sa caniya, at acoy magpapahayag sa caniya.

22 Sinabi sa caniya ni Judas (hindi ang Iscariote) Panginoon, canó at icaó ay magpapahayag dahil sa amin at di dahil sa sang-libután?

23 Sumagot si Jesús at sinabi sa caniya: Ang umi-ibig sa aquin, tinutupad ang pananalita co; at siya'y iibiguin ng aquing Amá, at camí ay pasa sa caniya at gagauin namin siyang tirahan.

24 Ang hindi umi-ibig sa aquin, hindi tinutupad ang aquing mga pananalita; at ang pananalitang inyong nanganinig, ay hindi aquin, cung di sa Amáng nagsugó sa aquin.

25 Ang mga bagay na itó ay sinabi co sa inyo, nang aco'y nasa sa inyo.

26 Datapoua't ang Mang-aalio, ang Espíritu Santo, na siyang uutusan nang aquing Amá sa aquing pangalan siya ang magtuturo sa inyo ng lahát na mga bagay at magpapa-alala ng lahát sa mga bagay na sa inyo ay aquing sinabi.

27 Ang catahimican ay iivan co sa inyo, ang aquing catahimican ay ibibigay co sa inyo: hindi gaya ng pagbibigay ng sang-libután, ang pagbibigay co sa inyo: huag magulomihanan ang inyong mga puso, ó magcaroon ng tacot man lamang.

28 Nangarinig ninyo na gaya ng sinabi co sa inyo: Aalis acó, at paroroon aco sa inyo. Cung aco'y inyong ini-ibig, cayó'y mangagagalac sapagca't sinabico na, aco'y pasá sa Amá: sapagca't ang Amá ay mataas sa aquin.

29 At ngayon ay sinabi co sa inyo bago mangyari, ay manuala cayó.

30 Hindi na acó magsasalita ng marami sa inyo: sapagca't dumarating ang príncipe ng sang-libutáng itó; nguni't ualang ano man sa aquin.

31 Datapoua't ng mapagquilala ng sang-libután, na aco'y umi-ibig sa Amá, at sapagca't ang Amá ang nagbigay sa aquin ng utos, caya, t aquing guinagaua. Mangagsitindig cayó at umalis tayo dito.

ICALABING-LIMANG CAPÍTULO

Pagpapatuloy ng pangangaral ni Jesús na sindasalita na siya ang pundo ng uvas at ang mga matibay na loob, ang mga laguing pagtatagobila at iniutos na mull ang pag-ibig: pumili sa caniyang mga alagad upang magbigay bunga at sila'y pinapagtibay ng paglaban sa mga cabalisahan nang sanglibutan: pag papaquilata na ang mga Judío ay hindi mangcacaila sa canilang casalanan.

1 Acó ang tunay na uvas; at ang aquing Amá ang magsasacá.

2 Ang lahat ng sangá na sa aquin ay di magbunga, ay aalisin; at yaong lahat na nagbubunga'y lilinisin

at nang lalong magbunga.

3 Cayó ay malilinis na, sa pananalita na sa inyo'y aquing sinabi.

4 Cayó'y suma-aquin, at aco'y sa sa inyo. Sapagca't ang sangá ay hindi magbunga sa caniyang sarili cung ualà sa uvas, gayon din naman cayó cung ualà sa aquin.

5 Acó ang uvas, at cayó ang mga sangá: Ang pa sa aquin at aco'y sa caniya, itó ang magbubunga ng marami: (sapagca't cung acó'y ualà, cayó ay ualang magagaua).

6 Ang ualà sa aquin, ay matatapon sa pagca't ma-

samang sangá at matutuyo: at cucunin, at mġa itatapon sa apoy, at mangagsisipag-niġas.

7 Cung cayo'y nasa sa aquin, at ang mġa panáanalitá co ay nasa sa inyo, ang laháť ninyong ibiguin ay inyong mahihingġi, at inyong cacamtġn.

8 Sa ganito ay lumuloualhati ang aquing Amá, sa pagbubunġa ninyó nġ marami, at cayo'y magcagan-yan aquing mġa alagad.

9 Sapagca't acó'y inibig nġ aquing Ama, cayo naman ay aquing inibig: lumagay cayo sa aquing pag-ibig.

10 Cung tinutupad ninyo ang aquing mġa utos cayo ay malalagay sa aquing pag-ibig: gaya co naman na tinupad co ang mġa utos nġ aquing Amá caya't acó'y nasa sa caniyang pag-ibig.

11 Ang mġa bagay na itó ay sinabi co sa inyo nang ang aquing catouàan ay mapasa inyo, at ang inyong catouàan ay matupad.

12 Itó ang aquing utos: Na cayo'y mangag-ibigang isa't isá, gaya nġ pag-ibig co sa inyo.

13 Ualà sino mang may malaquing pag-ibig na gaya nito, na ilagay ang caniyang buhay sa caniyang mangá caibigan.

14 Cayo'y aquing mangá caibigan, cung gauġn ninyó ang mġa bagay na aquing ini-utos.

15 Hindi co na sasabihing cayo'y mġa alipin pa, sapagca't hindi nalalaman nġ alipin ang guinagauà nang caniyang panginoon: nġuni't sinabi co na sa inyo mġa caibigan, sapagca't ang laháť na mġa bagay na nárinig co sa aquing Amá, ay iquinintal co sa inyo.

16 Acó'y hindi ninyo pinili, nġuni't cayo'y pinili co; at aquing cayong inilagay nġ cayo'y mangagsilacad at mangagsipagbunġa, at lumagut ang inyong bunġa: nġ ang laháť ninyong hingġin sa Amá sa aquing pangalan, cayo'y biguian niya.

17 Itó'y ini-utos co sa inyo: Na cayo'y mangag-ibigan.

18 Cung cayo'y quinapootan nġ sang-libutan, talastasin ninyó na acó muna ang quinapootan bago cayo.

19 Cung cayo'y sa sang-libutan, ang sang-libutan ay iibiguin ang caniya: nġuni't sapagca at cayo'y hindi sa sang-libutan subaling cayo'y pinili co sa sang-libutan, caya't napopoot sa inyo ang sang-libutan.

20 Alalahanin ninyó ang panáanalitang sa inyo'y aquing sinabi: Hindi higuġt

ang alipin sa caniyang panginoon. Cung acó'y caniláng inusig cayó man ay pag-u-usiguin; cung nangag-situpad sa aquing pananalitâ ang inyo man ay tutuparin.

21 Datapoua't ang lahát na itó ay gagauin sa inyo dahil sa aquing pangalan: sapagca't hindi nilá naquiquilala ang sa squin ay nag-sugô:

22 Cung hindi acó naparito at sila'y aquing pinangusapan hindi mangagcacaroon ng casalanan; datapoua't ngayon sila'y ualâ ng madadahilan sa caniláng casalanan

23 Ang napopoot sa aquin, ay napopoot din naman sa aquing Amá.

24 Cung acó sana'y hindi

gumauâ sa canilá, ng mga gauang sino may hindi gumauâ, ay hindi mangagcacaroon ng casalanan; Datapoua't ngayon, ay caniláng nangaquita, at parejong quinapopootan, nilá acó at ang aquing Amá.

25 Nguni't nang matupad ang pananalitâ na nasusulat sa caniyang cautusan. Aco'y quinapootan nila na ualang anó mang cadahilanan.

26 Nguni't pagdating nang Mang-aalio na siya cong uutusan sa inyo sa Amá, ang Espiritu ng catotohanan, na nagbuhat sa Amá, siya'y magbibigay patotoó sa aquin.

27 At cayo'y mangagbigigay patotoó sapagca't cayo'y nanga sa aquin buhat pa ng una.

ICALABING-ANIM NA CAPÍTULO

Pinapos ni Jesús ang pangaral sa caniyang mga apóstol pinahandâ silâ laban sa mga pag-usig na titiisin. Pi angacuan silâ na isusugo ang Espiritu Santo; na hihicayatin ang sang-libutân at sila'y tuturuan ng lahát ng mga catotohanan; at pagcácalooban silâ ng Amá ng anó mang hinâin sa ngalan niya. Cahulilihang hinulaan na silâ ng

lahát ay tatacas at siya'y pababayaan sa gabng yuon.

1 Ang mga bagay na itó ay aquing ipinangusap sa inyo, ng cayo'y huag mangatigod.

2 Cayo'y palalayasin sa mga sinagoga: at darating ang oras, na cung cayo'y patayin ng sino pa man, ay iisipin na paglilingcod sa Dios.

3 At ang mga bagay na ito ay gagauin sa inyo, sapagca't hindi nilá naquiquilala ang Amá at acó man

4 Datapoua't ito'y sinabi co sa inyo na cung dumating ang oras na yaon, ay inyong mangá alala ang sinabi co sa inyo; ito nga'y hindi co sinabi sa inyo ng una, sapagca't acó'y nasa sa inyo.

5 Nguni't ngayon acó'y paroroon sa nagsugô sa aquin: at sino man sa inyo ay ualang nagtatanong sa aquing: ¿saan ca paroroon?

6 Nguni't caya sinalita co ang mangá bagay na ito, ay na pund ng calumbayan ang inyong pusô.

7 Nguni't sinásabi co sa inyo ang catotohanan: Quinacailangan sa inyo na acó'y umalis; sapagca't cung hindi acó aalis, ang Mang-aalio ay hindi paririto sa inyó: nguni't cung acó'y umalis, siya'y ipadadala co sa inyó

8 At pagparito niya, ay caniyang susumbatan ang sanglibutan sa casalanan sa cabanalan at sa paghuhucom:

9 Sa casalanan nga sapagca't hindi mangásumasam-palataya sa aquin:

10 At sa cabanalan, sapagca't acó'y paroroon sa Amá at hindi na ninyo acó maquiquita:

11 At sa paghuhucom, sapagca't ang principe nang

sang-libutan ito ay hinucuman na.

12 Marami pa acong mga bagay na sa inyó ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyó mangadadalá.

13 Datapoua't pagdating niyaong Espiritu ng catotohanan, acayin cayo niya sa boong catotohanan: sapagca't hindi magsasalita sa caniyang sarili, cung di ang sasalitín ay ang lahát na marinig; at ipatatalastás sa inyó ang mga bagay na magsisidating,

14 Lulualhatiin niya acó, sapagca't cucunin niya sa aquin, at sa inyo'y caniyang ipatatalastás.

15 Ang lahát na sa Amá, ay aquin: caya't sinabi co na cucunin sa aquin, at sa inyo'y caniyang ipatatalastás.

16 Sandali na lamang, at acó'y hindi na ninyo maquiquita: at muling sandali, at acó'y inyong maquiquita: sapagca't acó'y paroroon sa Amá.

17 Sinabi nga ng ilang caniyang mangá alagád sa isa't isá: ¿Anó itong sa atin ay sinásabi: sandali na lamang, at acó'y hindi na ninyo maquiquita: at muling sandali, at acó'y inyong maquiquita: at, sapagca't acó'y paroroon sa Amá?

18 Sinabi nga nila: ¿Anó nga itong sinásabing: Sandali

na lamang? Hindi namin nalalaman ang sinasalita.

19 Nang mapagquilala ni Jesús ang sa caniya'y ibig nilang itanong, sa canila'y sinabi: ; Nangagtatanungan cayó nitong aquing sinabi: Sandali na lamang, at aco'y hindi na ninyo maquiquita; at muling sandali, aco'y inyong maquiquita?

20 Ang catotohanan, ang catotohanan aysinasabi co sa inyo na cayo'y mangagsisi-iyac at mangagsisitanngis, at ang sang-libutan ay matutua; nguni't cung cayo man ay mangalulumbay, ang mapapalit sa inyong calumbayan ay catuaan.

21 Ang babaye cung nanganganac ay nalulumbay sapagca't dumating ang caniyang oras; nguni't pagcatapos na siya'y magcapan-ganac ng isang bata hindi na na-a-alala ang dinamdam sa catuaan na lumitao sa sang-libutan ang isang tauo.

22 Cayó, nga, ngayon ay may calumbayan nguni't muli co cayong maquiquita, at mgagagalac ang inyong puso, at sino man ay hindi macapag-aalis sa inyo ng inyong catuaan.

23 At sa arao na yaon ay hindi cayó magtatanong ng anó man. Ang catotohanan, ang catotohanan nga'y sinasabi co sa inyo na ang

lahat ninyong hingin sa Amá ay ibibigay sa inyo sa aquing pangalan.

24 Hangang ngayon uala pa cayong hinihinging anó man sa pangalon co: cayo'y humingi at tatanggapin ninyo nang masunod ninyo ang inyong catuaan.

25 Sinalita co sa inyó ang mga bagay na itó sa caucaan: nguni't darating ang oras na hindi co na cayó pagsasalitaan sa caucaan cung di malinao na sa inyo'y ipahahayag co ang sa Amá.

26 Sa arao na yaon ay mangagsisihingi cayó sa aquing pangalan, at sa inyo'y hindi co sinasabi na aco'y mananlangin sa Amá dahil sa inyo:

27 Sapagca't ang Amá rin ang umi-ibig sa inyó, dahil sa aco'y inyong inibig, at cayo'y mangasumampalataya na aco'y nagbuhat sa Dios.

28 Nagbuhat aco sa Amá, at aco'y naparito sa sang-libutan: muling ini-uan co ang sang-libutan at aco'y pumaparoon sa Amá.

29 Sa caniya'y sinasabi ng caniyang mga alagad: Narito, sinasalita mong malinao ngayon at uala cang sinasabing anó mang caucaan.

30 Ngayon ay natalastas namin, na nalalaman mo

ang lahát na mġa bagay at hindi ca naggacailangġan na tanungġin ca ng sino pa man: caya't sumasampalataya camġ na icao ay nagbuhat sa Dios.

31 Sinagot silá ni Jesús: Ngayo'y mangġasumasampalataya cayó?

32 Nárito ang oras dumaring at dumating na, na cayo'y mangġangalat at mangġagsisioul ang baua't isá

sa caniyang sarili at aco'y iuan ninyóng mag-isá: nguni't hindi acó nag-iisá, sapagca't ang Amá ay nasa aquin.

33 Ang mġa bagay na ito ay sinalita co sa inyo nang cayo'y magcaroon sa aquin ng catahimican: sa sang-libutan mangġagcaroon cayó ng capighatian; nguni't manalig cayó, at aqing di-naig ang sang-libutan.

ICALABING-PITONG CAPÍTULO

Matrog na pananalangġin ni Jesús sa caniyang ualang hangang Amá.

1 Ang mġa bagay na ito ay sinalita ni Jesús, at nangacataas ang mġa matá sa langit na sinabi: Amá dumating na ang oras, loualhatiġn mo ang iyóng Anác, ng icao ay loualhatiġn nang Anác:

2 Sapagca't sa caniya'y ibinigay mo ang capangyarihan sa lahát ng lamán ng biguian ng buhay na ualang hangan ang lahát na sa caniya'y ibinigay mo.

3 At ito ang buhay na ualang hangan: Na icao lamang ang quilalaning Dios na tunay at si Jesucristong iyong sinugó.

4 Niloualhati quitá sa lupá;

natapos co na ang gauá na ibinigay mo sa aquin na aqing gauġn.

5 Ngayon ngá, Amá loualhatiġn mo acó sa iyo rin niyaong ealoualhatian na nagcaroon acó sa iyo bago ang sang-libutan ay naging sang-libutan.

6 Ipinahayag co ang iyong pangalan sa mġa tauo na aco'y ibinigay mo sa sang-libutan; mġa iyó, at mġa ibinigay mo sa aquin, at mġa tinupad ang iyong uicá.

7 Ngayon ay nangaquilala na ang lahát na mangġa bagay na sa aquin ay ibinigay mo, ay pauang iyó.

8 Sapagca't ang mġa uicang sa aquin ay ibinigay mo ay ibinigay co sa canilá; at canilang tinangap at nangaquilla-

la nilang tunay na nagbuhay
acó sa iyo, at nanganiualang
icaó ang maysugo sa aquin.

9 Ipinádalangin co silá:
hindí ang sang-libutan ang
idinádalangin co cung di
yaong sa aquin ay nangag-
bigay sa inyo, sapagca't
mangá iyo ngá.

10 At ang lahát na aquing
mangá bagay ay mangá iyo,
at ang iyo ay aquin at
aco'y lomoualhati sa canilá.

11 At ualá na acó sa sang-
libutan nguni't ang mǵa itó
ay nasa sa sang-libutan at
aco'y sa iyo paroroon Amang
banal. yaong mǵa ibinigay
mo sa aquin, itagô mo sa i-
yong pangalan, ng maguing
isá, gaya naman natin.

12 Nang aco'y nasa sa
canilá itinatagô co sa iyong
pangalan: ang ibinigay mo sa
aquin, ay aquing mangá in-
ingatan, at sino man sa cani-
la'y hindí na alá, cung di
ang anác sapagcaualá upáng
matupad ang casulatan.

13 Nguni't ngayon ay pa-
rtriyon acó sa iyó; at si-
násalita co itó sa sang-libu-
tan, ng magtamó ng aquing
catouaang natupad sa ca-
nilá rin.

14 Ibinigay co sa canilá
ang iyong uicá, at quina-
pootan ng sang-libutan; sa-
pagca't hindí ngá sa sang-
libutan gaya co rin na
hindí sa sang-libutan.

15 Hindí co idinadalangin
na alisin co sa sang-libu-
tan, cung di ingatan mo sa
casamán.

16 Hindí ngá sa sang-li-
butan gaya co na hindí sa
sang-libutan.

17 Pacabanalín mo silá ng
iyong catotohanan: ang uicá
mo'y siyang catotohanan.

18 Sapagca't aco'y iyong
sinugô sa sang-libutan silá
naman ay aquing sinugô
sa sang-libutan.

19 At dahil sa canila'y
aco ay naguiguing banal
sa aquing sarili; ng silá
naman ay mangagpacabanal
sa catotohanan;

20 Nguni't hindí lamang
dahil sa mǵa itó aco'y na-
nánalangin, cung di naman
sa mǵa maninualá sa aquin
dahil sa canilang panánalita.

21 Ng ang lahát ay ma-
guing isáng bagay: gaya
mo, Amá sa aquin, at aco'y
sa iyó, na silá naman ay
maguing sa atin: ng ang
sang-libutan ay manialá na
aco'y sinugô mo.

22 At ang caloualhatang
sa aquin ay ibinigay mo,
sa canila'y aquing ibinigay;
ng sila'y maguing isá gaya
naman natin na iisa.

23 Aco'y sa canilá at icaó
ay sa aquin ng maguin lu-
bós na isá; at maquilala
nang sang-libutan na icaó
ang sa aquin ay nag-sugô,

at silá'y inyong inibig gaya
co naman na inibig mo.

24 Amá, yaong mangá ib-
inigay mo sa aquin, ang ibig
co ay cung saan acó nároon.
silá naman ay dumoon sa
aquin; ng maquita nilá ang
caloulhatian co na ibini-
gay mo sa aquin: sapagca't
aco'y iyong inibig bago iti-
natag ang sang-libutan.

25 Amang banal, hindi ca
naquilala ng sang-libutan:
ngunit naquilala quita, at
nangaquilala ca nila na ica
ang nag-sugò sa aquin.

26 At ipinatalastas co sa
canilá ang iyong ngalan, at
ipátatalastas co: ng ang pag-
ibig na sa aquin ay ini-
ibig mo, ayma pasá canilá,
at acó'y sa canilá

ICALABING-UALONG CAPITULO

*Pagdaquip cay Jesús; si Malco
ay sinugatan ni Pedro nagsi-
layas ang mga alagád: pag-
tatud ni Pedro sa Panginoon:
tanong na guinaud sa caniya
ng daquilang pontífice at ma-
taas na hucom na si Pilato.*

1 Pagcatapos na masabi
ni Jesús ang mga uicang
itó, umalis na casama ang
caniyang mga alagád at ti-
nungo ang batis ng Cedrón
na doo'y naroroon ang isáng
halamanan, at doo'y puma-
soc si Jesús at ang caniyáng
mga alagád.

2 At si Judas namán na
sa caniya'y nagcácanulò, na-
lalaman ang lugar na yaon
sapagca't madalás na si Je-
sús ay naquiquipagcatipon
doon sa caniyang mga ala-
gád.

3 Si Judas nga'y cumuha
ng isáng compañang

dalo, at mga ministro nang
mga daquilang sacerdote at
ng mga Fariseo naparoon na
may daláng mga faról at
mga pananglao at may mga
san lata

4 Ngunit, si Jesús, na na-
lalaman ang lahát ng bagay
na nangagsísidatíng sa ca-
niya, lumabas na nagpapa-
una at sa canila'y sinabi:
Sino ang inyong hinahanap?

5 Sinagot nilá: si Jesús Na-
zareno Sinabi sa canilá ni
Jesús: Acó nga: At casama
namán nilá si Judas na sa
caniya'y nagcánulò.

6 At pagcasabi sa canilá;
Acó nga, nangagsibalic at
nangálupaypay sa lupá.

7 Mulíng silá nga'y tina-
nong: Sino ang inyong hi-
nahanap? Ay sinabi nilá:
Si Jesús Nazareno.

8 Sumagot si Jesús: sinabi

co na sa inyo na acó: cung acó nga an inyong hinahanap, pabayaan ninyong mangagsilacad ang mga itó.

9 Ng matupád, ang pananalitang isinabi: Sa mangá pinagbiguian mo sa aquin cangino man sa canila'y hindi aco naualá.

10 Ng magcagayo'y si Simón Pedro, na may taglay na tabác; caniyáng binunot at sinugatah ang isáng alipin ng daquilang pontífice at tinigpas ang caniyáng canan tainga. At ang pangalan ng alipin ay Malco.

11 Sinabi nga ni Jesús cay Pedro: isuot mo ang iyong tabác sa (1) vaina: ang vasong sa aquin ay ibinigay ng Amá: hindi ba sa caniya'y aquing iinumín?

12 Ng magcayo'y ang compaña ng sundalo at ang tribuno, at ang mga ministro ng mga Judío'y dinaquip si Jesús, at siya'y caniláng tinalian,

13 At siya'y dinalá nilá muna cay Anás, sapagca't binaan ni Cayfás na siyang daquilang pontífice ng taong yaon.

14 At si Cayfás ang nagbigay payo sa mga Judío: Na quinacailangan na ang isáng tauo ay mamatáy dahil sa bayan.

15 At sumusunod cay Jesús si Simón Pedro, at isa pang alagad: at ang alagad na yaon ay quilala ng daquilang pontífice, at nasoc na casama ni Jesús sa patio ng daquilang pontífice.

16 Ngunit si Pedro ay nasasa labas ng pintò: at lumabas ang alagad na yaon naquilala ng pontífice, at quinausap ang tagá-tanod ng pintó at ipinasoc sa loob si Pedro.

17 Ng magcagayo'y sinabi ng tanod ng pintò cay Pedro: Hindi bagá icaò naman ay isa sa mga alagad ng tauong itó? Sinabi niya: Hindi acó.

18 At nangacatayo ang mga alilá at mga ministro na nangagpaningas ng sigà sapagca't maguinao at nangagpapainit: at nacatayong casama rin namán nilá si Pedro na nagpápainit.

19 At tinanong ng daquilang pontífice si Jesús hayag sa caniyáng mga alagad at sa caniyáng aral.

20 Sinagot siya ni Jesús: Aco'y hayág na nagsalita sa sang-libután: aco'y laguing nagturó sa mga sinagoga at sa templo, na siyang pinagcacatipunan ng lahat na mga Judío; at ualá acóng sinalitáng patagò

(1) Vaina.—Sucsucan nang tabác.

21 Anóng itinatanóng mo sa aquin? Tanungin mo yaon nangacárinig, cūng anóng sinalitá co sa canilá: Nárito silá ang nangacáca-alám ng sinalitá co.

22 At nang caniyáng masalitá itó, isá sa nangá alilang naroroon, biniguan si Jesús ng isáng sampal na sinasabi: ¿Ganiyan ang pasagot mo sa daquilang pontifice?

23 Sinagót siya ni Jesús: Cūng aco'y nagsalitá nang masamá biguán mong patotoo ang casamán: at cūng mabute, ¿baquit mo aco sinásactan?

24 At ipinadalá siya ni Anás na may tali cay Cayfás na diquilang pontifice.

25 Nacatayó ngá si Pedro na nagpápaiuit; at sinabi nilá sa caniya: ¿Hindí bagá icao ay isá sa caniyang mga alagád? Siya'y cumailá at sinabi: Hindí acó.

26 Isá sa mangá alilá ng daquilang pontifice, camaganác nýaong pinutulan ng tainga ni Pedro, sa caniya'y nagsabi: Hindí ba icao ay naquita co sa halamanang casama niya?

27 At mulng cumailá si Pedro at pagdaca ay tumilaoc ang manoc.

28 At dinalá nilá si Jesús mulá cay Caifás hangáng sa hucuman; at niyaon ay umaaga: at sila'y hindí nangag-

sipasoc sa hucuman ng huag mgácamay cūng dí mangagsicain ng Pascua.

29 Nang magcágayo'y nilabas silá ni Pilato at sinabi: ¿Anóng sumbóng ang dalá ninyó laban sa táuong itó?

30 Nangagsisagot at sa caniya'y caniláng sinabi: Cūng ito'y hindí masamá hindí sana namin ibinigay sa iyo.

31 Sa canila ngá'y sinabi: ni Pilato: Cūnin ninyo siya at siya'y inyóng hatulan ng ayon sa inyong cautusan. At ang mangá Judío'y nangagsabi sa caniya: Sa amin ay dí matouid na pumatay ng sino man.

32 Nang matupad ang uicang sinalitá ni Jesús, na iqinaquiquilala cūng sa anóng camatayan siya mamamatáy.

33 Caya't si Pilato'y mulng pumasoc sa hucuman at tinauag si Jesús, at sa caniya'y sinabi: Icao bagá ang Hari ng mang Judío?

34 Sinagot siya ni Jesús: ¿Sinásabi mo ito sa iyóng sarili, ó sinabi sa iyo ng ibá bagay sa aquin?

35 Si Pilato'y sumagot: ¿Aco ba'y Judío? Ang iyóng mangá táuo at mangá daquilang sacerdote, ang siyang sa iyo'y nagbigay sa aquin: Anong guinauá mo?

36 Sumagót si Jesús: Ang caharian co'y hindí sa sang-

libutang itó: cung sa sang-libutang itó ang caharian co, ang aquing mang'a lingcod ay maquiquipaglaban nang aco'y huag mápabigav sa mang'a Judío; ngayon nga'y ang aquing caharian ay hindi dito.

37 Sinabi sa caniya nga ni Pilato: ¿Sa macatouid ay hari ca? Sumagot si Jesús: Icao ang nagsasabing acó ay hari: aco'y ipinanganac para rito, at para rito aco'y napatito sa sang-libutan ng biguiang patotoo ang catotohanan. Yaong lahat na ayon sa catotohanan ay naquinig sa aquing tinig.

38 Sinabi sa caniya ni Pilato: ¿Anó ang catotohanan? At pagcatapos na masabi itó, lumabás na muli sa mang'a Judío, at sa canila'y sinabi: Ualá acóng masunduan sa caniyang ano mang ca-alanan.

39 Nguni't cayo'y may ugali, na paulán co sa inyo ang isá sa Pascua: ¿ibig, nga bagá ninyong sa inyo'y paulán co ang Hari ng mga Judío?

40 Nang magcayo'y lahat ay nangagsigauang muli na sinásabi: Huag itó, cung di si Barrabás. At si Barrabás ay tulisán.

ICALABING-SIAM NA CAPÍTULO

Pagdurusa, pagcamatay at paglibing kay Jesús.

1 Caya nga't tinagnan ni Pilato, si Jesús at siya'y hinampás.

2 At ang mga sundalo'y nagcama-cama ng isáng coronang tinic at ipinutong sa caniyang ulo at siya'y sinuotan ng isáng damit na pulá;

3 At sinabi nilá: ¿Lumigtás ca Hari ng mga Judío? At siya'y pinagsampalanan.

4 Nang magcagayo'y si Pilato ay lumabás na muli at sa canila'y sinabi: Ná-

rito at siya'y dinádalá co sa inyo sa labás, ng inyong matalastas na ualá acóng masundoang anó mang casalanan sa caniya.

5 At lumabás si Jesús na dalá ang coronang tinic at ang damit na pulá. At sa canila'y sinabi ni Pilato: ¿Tignan ninyó itóng táuo!

6 At pagcaquita sa caniya ng mga daquilang sacerdote at ng mga alguacil, ay nangagsigauan, na sinásabi: Ipacó siya sa cruz, ipacó siya sa cruz. Sinabi sa canilá ni Pilato. Cunin

ninyó siya, at siya'y inyong ipacô *sa cruz*: sapagca't acó ay ualáng masunduang casalanan sa caniya.

7 Nangagsi-sagot sa caniyá ang mġa Judío: Tayo'y may-roong cautusan at ayon sa ating cautusan ay narapat mamatáy, sapagca't siya'y nagpaconuaring anác ng Dios.

8 At pagcárinig ni Pilato ng salitang itó, ay lalong sinidlán ng tacot.

9 At masoc na muli sa hucuman at sinabi cay Jesús: ¿Tagá saan ca? Nguni't hindi siya sinagot ni Jesús.

10 Nangmagcagayo'y sinabi sa caniyá ni Pilato: ¿Sa aquin ay di ca magsalitá? ¿hindi mo ba nalalaman na acó'y may capangyarihang icaó ay paulán?

11 Sumagot si Jesús: Anó mang capangyarihan ay hindi ca magcacaroon laban sa aquin, cung ito'y hindi ibinigay sa iyo sa itaas: caya't ang sa iyo'y nagcá-nuló sa aquin, malaquing casalanan mayroon.

12 Buhat pa niyaon ngá'y pinagsisicapan ni Pilatong siya'y paulán; nguni't ang mġa Judío'y nagsisigauan na sinásabi: Cung ito'y iyóng paulan, hindi ca caibigan ni Cesar. Sino mang nag-

hahari, cay Cesar ay nalalaban.

13 Nang mǎrinig ngá ni Pilato ang uicang itó, dinalá sa labas si Jesús, at naupó sa hucuman sa lugar na tinatauag na Lithostrotos, at sa Hebreo'y Gabbatha.

14 At niyaon ay *caarauan* ng paghahandá ng Pascua at ica-anim (*) na oras: ng magcagayo'y sinabi sa mġa Judío: Náríto ang inyong Harí.

15 Nguni't sila'y nangagsigauan: Alisin, alisin, siya'y ipacô *sa cruz*! Sinabi sa canilá ni Pilato: ¿Ang inyóng Harí ang ipapacô co *sa cruz*? Nangagsisagot ang mġa daquilang sacerdote Ualá caming harí cung di si Cesar.

16 Cayá ngá't ibinigay ng ipacô *sa cruz*: at quinuha nilá si Jesús, at caniláng dinalá.

17 At pagcápasan ng caniyáng cruz, napasa lugar na tinatauag na lngar ng Bungô nang ulo, at sa Hebreo'y Golgotha:

18 Na siyang pinagpacuan nilá cay Jesús at casama niya ang dalaua pa, isá sa baua't taguiliran at si Jesús ay nasa guitná.

19 At sumulat namán si Pilato ng isáng titic na

(*) ica-anim na oras—á las doce dang arao.

inilagay sa ibabao ng cruz: at ang nasusulat ay **JESÚS NAZARENO HARÍ NANG MANG- JUDÍO**.

20 At marami sa mang'a Judio ang nangagsibasa ng titic na itó: sapagca't ang lugar na quinapapacuan ni Jesús ay malapit sa ciudad: at nasusulat sa Hebreo, sa Griego at sa Latín.

21 At sinásabi cay Pilato ng m'ga daquilang sacerdote ng m'ga Judio: Huag mong isulat, Harí ng m'ga Judio; cung di ang caniyang sinabi: Harí acó ng m'ga Judio.

22 Sumagot si Pilato: Ang naisulat co, ay raisulat co.

23 At pagcatapos na si Jesús ay maipacô sa cruz ng m'ga sundalo, quinuha ang caniyang m'ga suot at guinauang apat na bahagui (sa baua't isáng sundalo ay isáng bahagui) at gayón din namán ang túnica: ngunit ang túnica ay ualang tahi, at lahat ay iisá lamang habi mula sa itaas hangang sa ibabâ.

24 At sinabi nilá sa canilá rin: Huag nating bahaguihin cung di magsápalarang larò tayo sa ibabao niya, cung cangino siya mapapa-roon: ng matupad ang Casulatan na nagsasabi: Bi-

nahagui nilá sa canilá ang aquing m'ga casuotan at sa ibabao ng aquing túnica ay nagsápalarang larò silá. At quinuha ngà itó ng m'ga sundalo.

25 At nasa sa piling ng cruz ni Jesús ang caniyáng iná, at ang capatid ng caniyáng iná, na si Mariang *asaau* ni Cleofás, at si María Magdalena.

26 At pagcáquita ní Jesús sa iná at sa alagád na caniyáng ini-ibig, na nandoon, sinabi sa caniyáng iná: Babaye, tigní ang iyóng anác.

27 Pagcatapos sinabi sa alagád: Tigní ang iyóng iná. At buhat sa oras na iyon ang alagád ay tinangap niya sa caniyáng bahay.

28 Pagcatapos nitó na nalá-laman ni Jesús na ang lahat na mang'a bagay ay nangatupad na, nang matupad ang nasa sa Catulatan, sinabi: Nauuhao aco:

29 At nandoon ang isáng vasong punò ng sucâ. Nang magcagayo'y nangagsigauâ ng isáng buhaghag sa sucâ at pagcásabit sa isáng hisopo(*) ay ini-abót sa caniyang bibig.

30 At pagca-inóm ni Jesús ng sucâ, ay nagsabi: Tapos na. At pagcahilig ng ulo ay

(*) Hisopo—mababang puno nang cahoy.

ibinigay ang caniyang espíritu.

31 Nang magcagayo'y ang mangá Judío, sapagca't *caarauan* ng Paghahandà, at upáng ang mangá catauan ay huag mangátirá sa cruz ng sábado (sapagca't daquilá ang *caarauang* iyon ng sábado) ay hiningi cay Pilato na umuguin ang canilang mga hitá at sila'y alisin doon.

32 At naparoon ang mga sundalo at inumog ang hitang pang-una at gayón din ang isá na napacò sa cruz na casama niya.

33 Nguni't nang mangagsiparoon cay Jesús, sapagca't siya'y naquitang patay na, hindi inumog ang caniyang mangá hitá:

34 Nguni't isá sa mangá sundalo ay pinalagpasán ang caniyang taguiliran ng isáng sibát, at ang lumabás ay dugò at tubig.

35 At ang nacáquita ay siyang nagpápatotoo at ang caniyang pagpápatotoo ay tunay: at nalalaman niyang nagsasabi ng totoo, upáng cayó namán ay mangasumampalataya.

36 Sapagca't ang mangá bagay na itó ay mangá guinauà, nang matupad ang

Casulatan: Butó niya'y hindi uumuguin.

37 At sinisabi namán nang isáng Casulatan. Itignan nilá *yaong* canilá g pinalagpasan nang sibát.

38 Pagcatapos ng mangá bagay na itó si José de Arimatea na alagád ni Jesús, na totoong lihim sa catacutan sa mangá Judío, namanhic cay Pilato na cung ma-aring alisin ang catauan ni Jesús: at pinahintulutan ni Pilato. Naparoon ngà at inalís ang catauan.

39 At dumating namán si Nicodemo, yaong naparoon ng una cay Jesús ng gabí, na may daláng isáng pagcakahalò ng mirra at acibal, na may isáng daang libra.

40 Quinuhan ngà ang catauan ni Jesús, at binalot nilá sa mangá cumot na may pabangò na siyang ugali ng mga Judío sa paglibing.

41 At sa lugar na yaon na pinagpacuan, may isáng halamanan, at sa halaman, isáng libingang bago, na ualà pang nalilibing na sino na man.

42 Doon ngà inilagay si Jesús dahil caarauan nang Paghahandà nang mangá Judío; sapagca't ang libingang yaon ay malapit.

ICADALAUANG PUONG CAPÍTULO

Pagcabuhay na mag-ulì ni Jesús at ibá pang pag-sipòt niya.

1 At ng unang arao nang sang-lingó ay naparoong ma-aga si María Magdalena, cung sa bagay ay madilím pa, sa libingan, at naquita niya ang batóng inalis sa libingan.

2 Nang magcagayo'y tumacbo at naparoon cay Simón Pedro at sa isáng alagád na iní-ibig ni Jesús at sa canila'y sinabi: Inalis ang Panginoon sa libingan at hindi natin maalaman cung saan inilagay.

3 At umalis si Pedro at ang isáng alagád, at naparoon sa libingan.

4 At magcasamang tumatacbo ang dalauá; nguni't ang isáng alagád ay tumacbóng matulin cay Pedro, at dumating na una sa libingan.

5 At ng caniláng tung-hán at tignan, ang naquita nila'y ang mga nagcalat na mga damit na puti; nguni't hindi pumasoc.

6 Pagcatapos ay dumating si Simón Pedro na sa canila'y sumú unod at nasoc sa libingan at naquit niya ang nangacálat na manga damit na puti.

7 At ang cumot na inilagay sa caniyang ulo, hindi casama ng mga damit na puti, cung di nabibilot sa ibáng lugar.

8 At nang magcagayo'y nasoc namán ang isáng alagád na naunang pumaroon sa libingan at naquita niya at siya'y sumampalataya.

9 Sapagca't hindi pa silá macacauquilala ng Casulatan naquinacailangang siya'y mapuhay na mag-ulì sa manga patay.

10 At nangagbalic ang manga alagád sa canicani-láng sariling bahay.

11 Nguni't si María'y nasa sa labas na umí-iyac sa siping ng libingan; at samantalang umí-iyac, siya'y tumungó at caniyang tinignan ang loob ng libingan;

12 At naquita niya'y dalauang ángel na ang damit ay mapuputi, ang isa'y sa ulo at ang isa'y sa manga paa, sa lugar na quinala-gúan ng catauan ni Jesús.

13 At sa caniya'y sinabi nilá: Babaye, gbaquit ca umí-iyac? Sa canila'y sinabi: Sapagca't dinalá ang aking Panginoon at di co maalaman cung saan inilagay.

14 At pagcatapos na ma-

sabi itó, siya'y nagbalic at naquita niya si Jesús; na nandodoon; nguni't hindi niya nalalaman na yaon ay si Jesús.

15 Sinabi sa caniya ni Jesús: Babaye, ¿baqui ca umí-iyac? ¿sino ang iyóng hináhanap? Acalá niya ay magháhalamán, caya't sinabi niya; Guinóo cung icao ang nagdalá, sabihin mo sa aquin cung saan mo ini-lagay, at aquin siyang dadalhin.

16 Sinabi sa caniya ni Jesús: ¡María! Nagbalic siya at sinabi niya sa uicang Hebreo: ¡Raboni! na ang ibig sabihin ay Maestro.

17 Sinabi sa caniya ni Jesús: Huag mo ac ng tag-nan: sapagca't di pa acó nacáca-aqui at sa aquing Amá: nguni't parunan mo ang aquing mga capati, at sabihin mo sa canilá: Aaquiát aco sa aquing Amá at sa inyong Amá, at sa aquing Dios at sa inyong Dios!

18 Dumating si María Magdalena at sinabi sa mangá alagád: ¡Naquita co ang Panginoon! *ipinahayag sa canilá* cung paano ang pagcasabi sa caniya ng mga bagay na itó.

19 At sapagca't tanghali ng arao na iyón, ang una

sa sang-lingó, at násasari ang mga pintuan sa lugar na *pinagcácatipunan* ng mga alagád, sa catacutan sa mga Judío, dumating si Jesús, at lumagay sa guitná, at sa canila'y sinabi; Capayapáan ang sumá-inyó.

20 At pagcásabi nitó sa canila'y ipinaquita ang mga camay at ang taguiliran. At mga alagád ay nangatuá sa pagcáquita sa Panginoon.

21 Nang magágayo'y sinabing muli sa canilá ni Jesús: Capayapáan ang suma-inyó: sapagca't sa aquin ay ipinadalá ng Amá; sa inyo namán ay ipadalá lá có.

22 At pagcásabi nitó, sila'y hinipan sa *ulo* at sa canila'y sinabi: Tangapín ninyo ang Espíritu Santo.

23 Ang inyong mangá patauarin ng mangá casalanan, ay mangá patátauarin: at ang di ninyo patauarin ay hindi patátauarin.

24 Nguni't si Tomás na isá salabíng-dalauá, natinatauag na Didimo, (*) ualà sa canilá ng dumating si Jesús.

25 Sinabi sa caniya ngà, nang ibáng mangá alagád: ¡Naquita namin ang Panginoon! At sinabi niya sa canilá: cung di co maquita ca caniyang mangá cama

(*) Didimo—cambal.

ang tandá ng mangá paco at masuot ang aquing daliri sa lugar nang mangá pacô at masuot ang aquing camay sa caniyáng taquiliran, ay hindi acó sasampalataya.

26 At pagcaraan ng ualóng arao, nangagcácatipong muli sa loob nang buhay ang mġa alagád, at casama nilá si Tomás: dumating si Jesús nang nangásasará ang mġa pintuan, at napasá guitná at sinabi: Ang capayapáan ay sumá-inyo.

27 Pagcatapos ay sinabi cay Tomás: Iunat mo ang iyóng daliri rito, at tignan mo ang aquing mġa camay; at iunat mo rito ang iyóng mġa camay, at isuot mo siya sa aquing taguiliran: at huag cang di paniualain, cung di tapat.

28 Nang mag-cagayo'y sumagot si Tomás, at sa caniya'y sinabi: Panginoon co, at Dios co!

29 Sinabi sa caniya ni Jesús: Sapagca't acó ay nacula mo, ay sumampalataya ca: mapapalad yaong mġa hindi nacula at nangag-sisampalataya.

30 At gumauà rin namán si Jesús nang ibá-ibáng mġa tandá sa harapán nang caniyang mangá alagád, na hindi nangásusulat sa librong itó.

31 Nguni't ang mangá itó ay nangásusulat, upang cayo'y mangag-sisampalataya na si Jesús ang Cristo, ang Anác ng Dios; at sa inyóng pagsampalataya ay magca-roon cayó nang buhay sa caniyáng pangalan.

ICADALAUANG PUO'T ISÁNG CAPÍTULO

Pagpapaquilala ni Jesús sa caniyáng mġa alagád; ng sila'y nangingisdá ay nagbiyay nang isáng bilin cay Pedro, hinuláan ang caniyáng pagcamalay at pagpiguil sa pag-uusisá ayon cay Juan.

1 Pagcatapos ay nagpahayag na muli si Jesús sa caniyáng mġa alagád sa dagat ng Tiberias; at nag-

pahayag sa caniyang sarili ng ganitóng paraan.

2 Magcácasiping si Simón Pedro at si Tomás, na tinatauag na Dídimo, at si Natanael na tagá Caná sa Galilea. at ang mġa anác ni Zebedeo at dalaua pa sa caniyang mġa alagád.

3 Sinabi sa canilá ni Simón: Mangingisdá acó.

Sinabi nilá sa caniya: Camí namán ay sasama sa iyó. Nangagsilacad at nangagsisacay ngà sa isáng daóng; at ng gabíng yaon ay ulang nahuling anó man.

4 At ng nag-uumaga, si Jesús ay lumagay sa pang-pang; nguni't hindi nápan-sin ng mga alagád, na yaon ay si Jesús.

5 At sa canila'y sinabi. Mangá binatâ, mayroon ba cayóng anó mang macacain? Nangagsisagot silá sa caniyá: Ualâ.

6 At siya'y nagsabi sa canilá: Ihulog ninyó ang inyóng lambát sa daong canan ng daóng at macacahuli cayó. At ng mapahulog ngà ay di nilá mahila, sa caramihan ng mga isdâ.

7 Nang magcagayo'y ang alagád na yaon na ini-ibig ni Jesús, ay nagsabi cay Pedro: Ang Panginoon ngà! At si Simón Pedro, pagcaring na yao'y Panginoon, nagtaquí ng túnica (sapagca't siya'y hubò) at tumalón sa dagat.

8 Datapoua't ang ibáng mga alagád ay nangagsilapit sa daong na maliit, (sapagca't hindi lubháng malayó sa lupâ cung di dala-uang daang sico,) na dalá ang lambát ng isdâ.

9 At sapagca't nangagsibabâ sa lupâ, nacaquita silá

ng mga bagang uling, at isáng isdâ ang nasasa ibabao, at sacâ isáng tinapay.

10 Sinabi sa canilá ni Jesús: Dalhin ninyo rito ang mga isdang inyóng nangahuli ngayon.

11 Nanhic si Simón Pedro, at dinalâ ang lambát sa lupâ, punò ng malalaquing isdâ, isáng daan at limang puo't tatlo; at sa ganoong carami ay hindi nasirâ ang lambát.

12 Sinabi sa canilá ni Jesús: Pumarito cayó, at cayoy mangagsicain. At sino man sa mga alagád ay hindi nangahas na siya'y tinanong: Icao ay sino? talastas na siya'y Panginoon.

13 Dumating ngà si Jesús, at tinagnan ang tinapay, at sila'y biniguan; at gayon din namán ang isdâ.

14 Itó ang ica-itlong pagpapaquilala ni Jesús sa caniyáng mangá alagád, nang mabuhay nang mag-ulí sa mangá patay.

15 At nang mangacacain na, sinabi ni Jesús cay Simón Pedro: Simón, anac ni Jonás, Higuít ang pag-ibig mo sa aquin cay sa mangá itó? Sinabi niya: Oo, Panginoon: nalalaman mo naquita'y ini-ibig. Sinabi sa caniya: Ingatan mo ang aquing mga anac nang tupa.

16 Umulit na mulí sa caniya

sa icalaua: Simón, *andc* ni Jonás, *ñinf-ibig* mo *acó*? Sumagot sa caniya: Oo, Panginoon: nalalaman mo na quita'y ini-ibig. Sinabi sa caniya: Ingatan mo ang aquing mga tupa.

17 Sinabi sa caniya sa ica-itlo: Simón, *andc* ni Jonás. *ñinf-ibig* mo *acó*? Naluncot si Pedro *ng* sa caniya'y sabihin ang ica-itlo: *ñini-ibig* mo *acó*? At sa caniya'y sinabi niya. Panginoon nalalaman mo ang lahat nang bagay; nalalaman mo na quita'y ini-ibig. Sinabi sa caniya ni Jesús: Ingatan mo ang aquing mga tupa.

18 Ang catotohanan, ang catotohanan ay sinasabi co sa iyó, na *ng* icao ay batá pa, icao ay nagbibihis at icao ay pumáparoon *cung* saan mo *ibig*: *nguni't* *cung* icao ay tumandá, iu-unat mo ang iyóng mga camay at bibi hisan ca *ng* iba, at dadalhin ca *cung* saan hindi mo *ibig*.

19 At ito'y sinabi, na ang *ibig* sabihin ay *cung* anóng camatayan ang ilúloualhati sa Dios: At pagcasabi nito, sa caniya'y sinabi: sumunod ca sa aquin.

20 Datapoua't *ng* magbali si Pedro, ay naquita yaong alagád na *ñinf-ibig* ni

Jesús, na sumusunod, (na siya ring humilig sa caniyang dib-dib sa paghapon at sa caniya y nagsabi: Panginoon, sino ang sa iyo'y magcacanolô?)

21 Caya't *ng* maquita ni Pedro itó, sinabi cay Jesús, Panginoon, *ñanong* gagauin nito?

22 Sinabi sa caniya ni Jesús: *Cung* *ibig* co na siya'y *mátira* hangá sa *aco'y* *dumating*, *ñanong* mayroon sa iyó? Sumunod ca sa aquin.

23 Cumalat *nga* ang salitang itó sa mga capatid, na ang alagád na yaon ay hindi mamámatay. *Nguni't* hindi sinabi ni Jesús sa caniya: na hindi mamámatay; *cung* di: *Cung* *ibig* co na siya'y *mátira* hangá sa *aco'y* pumarito: *ñano* sa iyó?

24 Itó ay yaong alagád na nagbibigay patotoo sa mga bagay na itó, at sinulat niya ang mga bagay na itó: at nalalaman natin na ang caniyang pagpapatotoo ay tunay.

25 At mayroon namáng iba't iháng mga bagay na guinaua si Jesús, anó pa't *cung* susulatin ang baua't isá, marahil ay ni sa sanglibutan ay hindi magcacasiya ang mga librong susulatan.